Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرّة الآل والأصحاب

Ika-6 na Serye ng Matibay na Ugnayan ng mga Kamag-anak (Ahlul Bayt)
at ng mga Kasamahan (Sahaba) ng Propeta ﷺ

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta ﷺ

Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa



Inihanda ni

Ali Bin Hamad Al-Tamímiy

Bise-Presidente ng Research and Study Center sa Mabarrah Foundation

Ika-6 na Serye ng Matibay na Ugnayan ng mga Kamag-anak
(Aḥlul Bayt) at ng mga Kasamahan (Sahaba) ng Propeta ﷺ

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta

Mga Poster at Paskin na naglalaman ng matitibay na katibayan sa matibay na ugnayan ng Aḥlul Bayt at mga Sahaba ng Propeta ﷺ

Inihanda ni:

Ąli Bin Hamad Al-Tamímiy
Bise-Presidente ng Research and Study Center sa Mabarrah Foundation

Ikaanim na Limbag, 2018 (1439H)

The National Library of Kuwait CIP Data

Rekomendadong Lahok:

239.9 Al-Tamímiy, Ąli Bin Hamad Bin Muhammad

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta ﷺ : Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa / Ąli Bin Hamad Bin Muhammad Al-Tamímiy
Kuwait : Mabarratul Al wal As-háb (**Saligang Pangkawanggawa na Laan Para sa Mga Aḥlul Bayt at Mga Sahaba**), 2008.
54 pahina; 24 sentimetro. — "Matibay na Ugnayan ng Mga Kamag-anak at Mga Sahaba ng Propeta ﷺ ; 6"
ISBN 978-99906-643-1-7

1. Mga Sahaba at Tábi'ún
2. Mga Muhájirun at Anṣár
3. Ang Ugnayan sa Pagitan ng mga Kamag-anak ng Propeta ﷺ at Mga Sahaba.

I. Titulo. II. Serye.

Deposito Blg. : 139 / 2008
ISBN 978-99906-643-1-7



Sa lahat ng mga pangalan ng Alláḥ ﷻ, si Rahmán — ang maawain, si Rahím — ang mahabagin.

Ang lahat ng karapatan kasama na ang karapatan ng reproduksiyon at paggamit sa anumang anyo at paraan ay pinahihintulan sa lahat ng mga nagmamahal sa kapamilya ni Propeta Muhammad ﷺ (Aḥlul Bayt) at mga Sahaba nang walang pagbabago maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa may-hawak ng karapatang-ari — ang samahan ng Mabarratul Āl wal As-hāb
(Saligang Pangkawanggawa na Laan Para sa Mga Aḥlul Bayt at Mga Sahaba) .

Ika-6 Limbag (May Karagdagan)
2018 A.D / 1439 H
Mabarratul Āl wal As-hāb

Telepono blg : 22560203, 22552340. Fax : 22560346
P.O. Box : 12421 Shámiyyah. Zip Code : 71655 Kuwait
E-mail : almabarrh@gmail.com
www.almabarrah.net

Mga Nilalaman

Ang Panimula 7
Ang Ugnayan sa Pagitan ng Propeta ﷺ at ng Mga Mararangal na Kalipa 9
Ang Mga Anak na Babae ni Propeta Muhammad ﷺ 11
Ang Mapagpalang Pag-iisang-dibdib Nina Ąli Bin Abu Ṭālib at Fāṭimaḥ 13
Mga Pangalan na Kaibig-ibig kina Ąli Bin Abu Ṭālib at Kaniyang Mga Anak 15
Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ
at ng Angkan ni Abu Bakr Ṣiddīq 17
“Iniluwal Ako ni Abu Bakr Nang Dalawang Beses.”..... 19
Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at ng Angkan ni
Ųmar Bin Khaṭṭáb 21
“Ako Ang Anak ng Dalawang Kalipa.” 23
Ang Ugnayan ni Ųthmān ﷺ sa Angkan na Pinagmulan ng Propeta ﷺ 25
Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ
at ng Angkan ni Ųthmān ﷺ 27
Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ
at ng Mga Kapinsanan ng Propeta sa Linya ng Angkan ng Kaniyang Ama 29
Ang Kaugnayan ni Zubair ﷺ sa Angkan na Pinagmulan ng Propeta ﷺ 31
Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Ąli at ng Angkan ni Zubair ﷺ 33
Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Ąli at ng Pamilya ni Ṭalha 35
Hasan Bin Ąli ﷺ 37
Husain Bin Ąli ﷺ 39
Ang Mga Manugang ni Husain Bin Ąli ﷺ Mula sa Mga Anak ng Mga Sahába ﷺ 41
Muhammad “Báqir” ﷺ 43
Imám Ja’far “Ṣádiq” ﷺ 45
Ang Sampung Mga Sáhaba na BinĄlitaan na Makakapasok sa Paraiso 47
Ang Mga Ina ng Mga Mananampalataya —Mga Asawa ng Propeta 49
Hafṣaḥ Bint Muhammad Al-Díbáj : Ang Apo ng Apat na Kalipa
at nina Ṭalhaat Zubair ﷺ 51
Ang Mga Nagtataglay ng Dalawang Kainaman ng Pagka-Aḥlul Bayt
at Pagka-Sahaba 53
Ang Pagpapalawak ng Imperyong Islam Hanggang sa Huling Panahon ng
Apat Kalipa 55

Ang Panimula

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Alláḥ ﷻ na Siyang nagsugo sa Kaniyang Propeta na hatid ang gabay at tunay na relihiyon; upang ito ay mangibabaw sa lahat ng mga relihiyon. At sapat na ang Alláḥ ﷻ bilang saksi. Nawa ang Kaniyang pagpupuri at kapayapaan ay mapasa-Kaniyang propeta na isinugo sa sangkatauhan; upang magbigay sa kanila ng magandang balita at maiparating sa kanila ang malinaw na babala, at nawa'y mapasakaniyang mga butihing kasamahan na naghatid ng pamamaraan ng kanilang propeta, at nawa'y dagdagan pa ang mga ito.

Ito ang aklat na naglalaman ng dalawampu't apat (24) na poster na ipinagsisigawan ang "Ang Mga Kamag-anak at Mga Sahaba ng Propeta ﷺ : Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa" ; na naglalaman ng malilinaw at matitibay na katibayan na ang mga kamag-anak ng Propeta ﷺ at mga Sahaba ay tulad ng sinabi ng Alláḥ ﷻ hinggil sa kanila: ﴿رُحَمَآءُ بَيۡنَهُمۡ﴾ "Sila ay nagmamalasakit sa bawat isa." Kaya naman, sila ang pinakamainam na salinlahi na napili para sa pinakamainam na sugo, hinubog at tinuruan sila ng kanilang Propeta ﷺ, at naging mga guro na nagtuturo sa mga tao sa pamamagitan ng kanilang mga asal at gawa bago pa man nila ito maisalita.

Ilalatag namin sa aklat na ito ang higit sa limampung ugnayang pampamilya na nagpatuloy hanggang sa lima o anim na henerasyon sa kanilang mga anak at apo na nagpapatunay sa tindi at tibay ng kanilang samahan, pag-mamahalan at malasakit sa bawat isa.

At dahil sa laki ng tulong ng mga poster sa paghatid ng mga impormasyon at mensahe sa isipan sa pinaikli at buod na paraan, ito ang pinili ng Mabarrah Foundation upang mabigyan-diin ang matibay na ugnayan sa pagitan ng Aḥlul Bayt at ng mga Sahába.

Nais namin bigyang-ukol ang mahahalagang bagay na nauukol sa nabanggit na ugnayan. At ito ang mga sumusunod:

1) Ang ugnayang pampamilya at mga pangalang babanggitin ay parehong kinikilala ng dalawang panig; ang Sunni at ang Shi'ite.

2) Ang mga aklat na pangkasaysayan ay nagbanggit lamang ng mga pangalan sa pagsasangay ng kanilang ugnayan at lahi, at maaaring may mga pangalan na hindi nabanggit ngunit kabilang sa kanila.

3) Nakatanim sa kulturang Arabe ang pagpapahalaga sa pagpapakasal at pag-uugnay ng mga pamilya. Hindi kai-lanman pinakakasal ng mga Arab o pinakakasalan ang sinuman maliban sa may mataas na angkan at marangal na kaugalian. At sa pag-usbong ng Islam, lalo pa itong itinaguyod at itinaas. Gayunpaman, mas binigyang-diin ang pagkamatakutin sa Diyos. At ang ganitong pagkilatis sa naturang bagay ay maka-Islamikong gawain na patuloy pa ring isinasagawa hanggang sa ngayon.

4) Ang pagpili ng magagandang pangalan ay isang pangkalahatang gawain na hindi lamang natatangi sa mga muslim. Bagkus, lahat ng lahi ng mga tao sa alinmang lupalop ng mundo ay hindi basta nagbibigay ng pangalan sa kanilang mga anak maliban sa mga pangalan na kaibig-ibig sa kanila o mas kilala sa kanilang komunidad.

5) Ang mga angkan ni Ḥāshim ay hindi pinakakasalan ang sinuman maliban sa nababagay sa kaniyang paniniwala at lahi. Bagkus, pinanghihimasukan mismo ng kanilang mga lider ang pagpapakasal ng babae na mula sa kanilang angkan kung hindi man din nababagay sa kaniya. At ito ay pinatutunayan ng kasaysayan ng mga Arab.
At hinihiling ko sa Alláḥ ﷻ na magdulot nawa ang paglalathala na ito ng kabutihan at mag-uugnay sa mga puso ng bawat muslim tungo sa katotohanan.

Aḷi Bin Hamad Al-Tamímiy
22 Jumádah I 1429 H
27 Mayo 2008 A.D.

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng
Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at
Pagkakaugnay sa Bawat Isa

ANG UGNAYAN SA PAGITAN NG PROPETA AT NG MGA MARARANGAL NA KALIPA

Saligang Pangkawanggawa na Laan Para sa
Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Dalawang manugang niya

Dalawang katabi niya sa kaniyang libingan



Mag-ama
Mag-asawa
Mga anak ng Propeta
Mga asawa ng Propeta

Sinabi ng Propeta ﷺ :
"Panghawakan ninyo ang aking pamamaraan at ang pamamaraan ng apat na mararangal at matutuwid na kalipa."

Matuwid na Hadith na inulat sa apat na Sunan at Musnad ni Ahmad

House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

almabarrah E.mail : almabarrh@hotmail.com

www.almabarrah.net

1- Ang pag-aasawa ng Propeta ﷺ kay A'isha
–Tárikh Dimashq 3/92
–Al-Ṭabaqát Al-Kubrá 8/271
–Al-Iṣábaḥ p1726
–Bihárul Anwár 22/202
–Al-Hadá-iq Al-Náḍiraḥ 23/pp88, 90
–Kashful Giṭá' 1/57

2- Ang pag-aasawa ng Propeta ﷺ kay Hafṣaḥ
–Al-Ṭabaqát Al-Kubrá 8/285
–Tárikh Dimashq 3/92
–Al-Iṣábaḥ p1665
–Bihárul Anwár 22/202
–Al-Hadá-iq Al-Náḍiraḥ 23/88
–Kashful Giṭá' 1/57

3- Ang pag-aasawa ni Ụthmán kina Ruqayyaḥ at Ummu Kalthúm
–Tárikh Dimashq 3/70
–Manáqib A-li Abi Ṭálib 1/209
–Bihárul Anwár 22/167

4- Ang pag-aasawa ni Ạli kay Fáṭimaḥ
–Tárikh Dimashq 3/70
–Bihárul Anwár 22/167

Poster 1

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Propeta ﷺ at ng Mga Mararangal na Kalipa رضي الله عنهم

Ipinahihiwatig ng poster na ito ang ugnayan at relasyon ng apat na mararangal na kalipa kay Propeta Muhammad ﷺ. Si Abu Bakr "Ṣiddīq" رضي الله عنه ang kauna-unahang yumakap ng Islam sa mga kalalakihan na siyang nagpangasawa sa kaniyang anak na si Ạ'ishaḥ رضي الله عنها kay Propeta Muhammad ﷺ. At siya ang naituring na pangatlong asawa ng Propeta ﷺ, ang nag-iisang birhen sa lahat ng napangasawa ng Propeta ﷺ, at ang pinakabata sa kanila. Ngunit, siya ang may pinakamaraming naiulat na Hadíth at siya ang pinagtatanungan ng mga Sahába hinggil sa Islam.

Ang ating Ina, si Ạ'ishaḥ رضي الله عنها na pumanaw noong 57H ay nanatili nang siyam (9) na taon bilang maybahay ng Propeta ﷺ. Sa kaniyang mga dibdib pumanaw ang Propeta ﷺ, sa mismong araw niya at sa kwarto niya inilibing. Patunay lamag ang mga ito sa higit na pagmamahal sa kaniya ng Propeta ﷺ at ikinalulugod niyang sa piling ni Ạ'ishaḥ رضي الله عنها bawian ng buhay.

Sa ganitong paraan naging biyenan ng Propeta ﷺ si Abu Bakr. Bagkus, siya ang matalik na kasa-kasama ng Propeta ﷺ hanggang sa kamatayan at inilibing sa tabi ng Propeta ﷺ. At ang tanging ninais ng Alláḥ ﷻ para sa Kaniyang propeta ay ang makatabi ang pinakamainam na mananampalataya.

Samantalang si Ụmar Al-Fárúq رضي الله عنه, pinakasal niya ang kaniyang anak kay Propeta Muhammad ﷺ noong 3H, si Hafṣaḥ رضي الله عنها na isang mapagtimpi sa pag-aayuno at Qiyámul Layl. At naging maybahay ng Propeta ﷺ hanggang sa kaniyang pagpanaw. Sa kaniya ipinagkatiwala ang banal na aklat, ang Qur-án na ipinatipon ni Abu Bakr at ng ibang Sahába.

At tunay na hindi iniwan ni Ụmar Al-Fárúq رضي الله عنه ang Propeta ﷺ mula noong niyakap niya ang Islam hanggang sa muling pagkabuhay ng lahat ng mga nilalang. Sapagkat siya ay nakaburol sa tabi ng Propeta ﷺ. At iyan ay maituturing na maliwanag na katibayan sa matinding ugnayan sa pagitan niya at ng Propeta ﷺ.

At matatalakay natin ang ugnayang pampamilya nina Ụthmān at Ạli رضي الله عنهما kay Propeta Muhammad ﷺ sa mga susunod na mga poster.

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng
Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at
Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Ang Mga Anak na Babae ni Propeta Muhammad ﷺ

Saligang Pangkawanggawa na Laan Para sa
Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Zainab رضي الله عنها

- Ang panganay sa mga anak ng Propeta ﷺ.
- Ipinanganak bago ang pagkasugo ng Propeta ﷺ ng sampung (10) taon.
- Napangasawa siya bago pa umusbong ang Islam ni Abul Aṣ Bin Rabí' رضي الله عنه ang pinsan niya sa linya ng kaniyang ina.
- Pumanaw siya sa noong nabubuhay pa ang Propeta ﷺ taon 8H dahil sa paghulog sa kaniya ng mga paganong *Quraish* mula sa sinasakyan niyang kamelyo noong siya ay mangibang-bayan patungong Madinah.
- Isinilang niya sina Ali (ngunit namatay rin sa murang edad) at Umamah na napangasawa ni Ali رضي الله عنه pagkatapos ng pagpanaw ni Fátimah رضي الله عنها.

Fáṭimaḥ رضي الله عنها

– Ang prinsesa ng kababaihan ng sanlibutan.
– Ang bunso sa magkakapatid.
- Ipinanganak bago ang pagkasugo ng Propeta ﷺ nang isang taon.
– Napangasawa siya ni Áli رضي الله عنه noong 3H.
– Pumanaw sa buwan ng Ramaḍán noong 11H.
– Nagsilang kina Hasan at Husain, ang dalawang prinsipe ng mga kabataan sa Paraiso, at kina Zaynab at Ummu Kulthúm

﴿ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِيُّ قُل لِّأَزۡوَٰجِكَ

O Aking Propeta! Sabihin mo sa iyong mga asawa,

Ang kanilang ina ay ang "Prinsesa ng Mga Kababaihan ng Sanlibutan" at "Ina ng Mananampalataya" si Khadíjaḥ Bint Khuwaylid رضي الله عنها

وَبَنَاتِكَ

at sa iyong anak na babae,

Lahat sila ay mananampalataya at nangibang-bayan alang-alang sa ikalulugod ng Alláḥ kalugdan nawa sila ng Alláḥ

وَنِسَآءِ ٱلۡمُؤۡمِنِينَ يُدۡنِينَ

at sa kababaihan ng mga mananampalataya na takpan nila

عَلَيۡهِنَّ مِن جَلَٰبِيبِهِنَّ ﴾

ang kanilang mga mukha at dibdib gamit ang mga Jilbab nila;

سورة الأحزاب آية (٥٩)

Ummu Kulthúm رضي الله عنها

– Ang pangatlong anak na babae ng Propeta ﷺ.
– Ipinanganak bago ang pagkasugo ng Propeta ﷺ pagkatapos ni Ruqayyaḥ رضي الله عنها.
– Napangasawa siya ni Uthmán Bin Áffán pagkalipas ng pagpanaw ng kaniyang ate na si Ruqayyaḥ رضي الله عنها, kaya naman nabansagan si Uthmán ng "May-taglay ng Dalawang Liwanag".
– Pumanaw siya sa panahon noong nabubuhay pa ang Propeta ﷺ sa buwan ng Sha'bán taon 9H.
– Hindi siya nabiyayaan ng anak.

Ruqayyaḥ رضي الله عنها

– Ipinanganak bago ang pagkasugo ng Propeta ﷺ nang pitong taon.
– Nilikas niya ang Makkah patungong Habasha (kaharian ng Aksum), kasama ang asawa niya, si Uthmán Bin Áffán رضي الله عنه
– Pumanaw siya dahil sa sakit na tigdas sa Madinah habang ang mga muslim ay nasa digmaan ng Badr.
– Isinilang niya si Abdullah ngunit namatay rin noong 6H.

Mahahalagang Sanggunian

1- Al-Sīraḥ Al-Nabawiyyaḥ ni Ibn Ḥishám, vol. 2/p. 9
2- Tárikhul Islam ni Dhahabiy, 1/13
3- Tárikhu Dimashq ni Ibn Áṣákir, 3/125
4- Al-Bidáya Wal Niḥaya ni Ibn Kathir, 2/294
5- Al-Iṣábaḥ ni Ibn Ḥajar, p. 11181
6- Al-Istí-ąb ni Ibn Abdulbarr, 1/17
7- Usdul Ghába ni Ibn Athir, 1/10
8- Al-Khiṣál ni Al-Ṣadúq, p. 404
9- Taḥdhibul Ahkám ni Al-Ṭúsiy, 3/333
10- Sharhu Uṣúlil Káfi ni Al-Mázandarániy, 7/144
11- Tájul Mawálid ni Al-Ṭabarsiy, p. 9
12- Táju Mawálid Al-A-immaḥ ni Ibn Khash-sháb, p. 7
13- Manáqibu Á-li Abi Ṭálib ni Ibn Shaḥr Áshúb, 3/90
14- Al-Masá-il Al-Sarawiyyaḥ ni Al-Mufid, p. 94
15- Mustadrakát Ilmir Rijál ni Namázi Al-Shaḥrúdiy, Talambuhay blg. 9228, 1586,9590 at 18068
16- Al-Muqni'aḥ ni Al-Mufid. p.332
17- Al-Mabsúṭ ni Al-Ṭúsiy, 4/159
18- Misbáhul Mujtaḥid ni Al-Ṭúsiy, pp. 80 at 622
19- Tadhkiratul Fuqahá' ni Al-Hilliy, 2/604
20- Qurbul Isnád ni Himyariy Al-Qummiy , p. 9
21- Mu'jamu Rijálil Hadíth ni Al-Khú-iy, 12/139, 24/208, 19/305, at Talambuhay blg. 15626
22- Biḥárul Anwár ni Majlisiy, 42/95
23- Wasá-ilus Shia ni Al-Hurr Al-Ámiliy, 3/139
24- Alistibṣár ni Al- Ṭúsiy, p. 485
25- Al-Hadáiqun Náḍiraḥ ni Al-Baḥrániy, 4/85
26- Muntaḥal Maṭlab ni Al-Hilliy, 1/446
27- Qámúsur Rijál ni Al-Tustariy, , Talambuhay blg. 119, 343, 8 at 136

At para sa karagdagang impormasyon sa mga sanggunian ay i-scan lamang ang code na ito:

[1] Isang sinaunang kaharian na binubuo sa kasalukuyan ng Eritrea at ng rehiyon ng Tigray sa Ethiopia. . (tagasalin)

House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait
Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346
E.mail : almabarrh@hotmail.com
almabarrah
www.almabarrah.net

Poster 2

Ang Mga Anak na Babae ni Propeta Muhammad ﷺ

Ang poster ng mga anak na babae ng Propeta ﷺ ay nagpapakita sa talambuhay ng mga anak ng mabait na ama at dakilang Propeta na si Muhammad ﷺ. Lahat sila ay mananamapalataya at Muḥājirāt[1]. At ang ina nila ay si Khadījaḥ Bint Khuwaylid, ang "Reyna ng Mga Kababaihan ng Sanlibutan" ؓ.

Si Zaynab ang pinakamatanda sa kanila, na ipinanganak bago ang pagkasugo ng Propeta ﷺ nang sampung (10) taon. Napangasawa siya ng kaniyang pinsan, si Abul Aṣ Bin Rabī', mula sa angkan ni Ąbdu Manāf (kabilang sa mga kapinsanan ng Propeta ﷺ sa linya ng lahi ng kaniyang ama). Ang kanilang mga anak ay sina: Ąli (pumanaw rin nang maaga) at Umámaḥ na siyang napangasawa ni Ąli Bin Abu Ṭālib ؓ pagkatapos na pumanaw ang kaniyang tiyahin na si Fāṭimaḥ ؓ.

Si Fāṭimaḥ Al-Zaḥrā'[2] naman ؓ, ang isa sa mga tinaguriang "Reyna ng Mga Kababaihan ng Sanlibutan", at ang ina ng dalawang bulaklak ng Propeta ﷺ na sina Hasan at Husain. Ipinanganak siya bago ang pagkasugo ng Propeta ﷺ nang isang taon. Siya ang bunso sa magkakapatid at ang pinakamainam sa kanila. Napangasawa siya ng isang marangal na kalipa at makatarungang pinuno, si Ąli Bin Abu Ṭālib ؓ noong 3H. Pumanaw siya noong 11H pagkatapos ng pagpanaw ng kaniyang ama nang anim na buwan.

Si Ruqayyaḥ ؓ ang naglakbay nang dalawang beses upang lumikas tungo sa mapayapang lugar. Ipinanganak bago ang pagkasugo ng Propeta ﷺ nang pitong taon. Napangasawa siya ni Ụthmān Bin Ąffān ؓ pagkatapos niyang makipaghiwalay sa anak ni Abu Laḥab. Lumikas siya patungong Habasha (kaharian ng Aksum[3]) kasama ang kaniyang asawa na si Ụthmān. Nagkaroon sila ng anak, si Abdullah (ngunit maagang pumanaw). At saka lumikas patungong Madinah. At dito na rin pumanaw noong kasagsagan ng labanan sa Badr, 2H.

At si Ummu Kulthūm ؓ na ipinanganak bago ang pagkasugo ng Propeta ﷺ pagkatapos ni Ruqayyaḥ ؓ. Lumikas patungong Madinah at saka napangasawa ni Ụthmān Bin Ąffān ؓ pagkatapos ng pagpanaw ng kaniyang ate. Hindi siya nagkaanak hanggang sa pumanaw noong taon ng 9H.

Silang lahat ay pumanaw noong nabubuhay pa ang Propeta ﷺ maliban kay Fāṭimaḥ Al-Zaḥrā' ؓ, dahil pumanaw siya pagkaraan ng anim na buwan pagkatapos ng pagpanaw ng Propeta ﷺ. At lahat ng mga nabanggit na aklat-sanggunian ay nagsasabing sila ay mga anak na babae ng Propeta ﷺ at sila ang tinukoy ng Alláḥ ﷻ sa banal na Qur-án sa sinabi Niyang ﴿وَبَنَاتِكَ﴾na tumutukoy sa mga anak na babae at hindi lamang pang-isahan. Gayundin ang pinatutunayan ng Hadīth at ng pinagkasunduan ng mga sinaunang pantas ng Islam. Tunay na inihatid namin sa iyo, –mahal na mambabasa hinggil sa nabanggit – ang dalawampu't pitong (27) sangguniang aklat na nagpapatunay sa mga ito. Sa pamamagitan nito, malalaman mo na walang katotohanan ang mga itinataguyod ng iba na tanging si Fāṭimaḥ ؓ lamang ang nag-iisang anak ni Propeta Muhammad ﷺ at ang iba ay mga kapatid niya lamang sa ibang ina.

[1] :salitang Arabe na nasa anyo ng pangmaramihan na tumutukoy sa mga kababaihan na lumikas mula Makkah tungo sa mas payapang lugar. (tagasalin)
[2] Isa sa mga turing sa kaniya na nangangahulan: "Ang Liwanag". (tagasalin)
[3] isang sinaunang kaharian na binubuo sa kasalukuyan ng Eritrea at ng rehiyon ng Tigray sa Ethiopia. (tagasalin)

Ang Mapagpalang Pag-iisang-dibdib

Nina Ąli Bin Abu Ṭálib at Fátimaḥ

رضي الله عنهما



Kailan at Saan:

Noong taon 2H, pagkatapos nilang makabalik mula sa digmaan ng Badr, at ito ay naganap sa Madinah.



Ang Handaan:

Naghanda si Sa'ad ﷺ ng isang tupa at nagbigay rin ang ibang mga Sahaba ng mga gantang ng mais. (2)



Ang Khiṭbaḥ
(Pagpapaabot na Maikasal):

Ang payo nina Abu Bakr Ṣiddíq, Ụmar Bin Khaṭṭáb at Sa'ąd Bin Muą'dh kay Ąli ﷺ ay magpaabot na kay Propeta ﷺ na maikasal kay Fátimaḥ رضي الله عنها. (1)



Ang Tahanan:

Ang naging tahanan nila ay yaong ibinigay bilang regalo ng isang Sahaba, si Háritha Bin Nu'mán Al-Anṣáriy ﷺ. (3)(5)



Ang Dóte (Dowry):

Ang kalasag Hutamiko na ibinenta ni Ąli kay Ụthmán sa halagang 400 Dirham (Php 30,000 mahigit). At nang nagkaroon na siya ng pambayad, binalik sa kaniya ni Ụthmán ang kalasag at sinabi na ito raw ay regalo mula sa kaniya. Kaya tinanggap ni Ąli ang kalasag at ang salapi. (4)



Ang Paghahanda sa Kasal:

Sina Abu Bakr, Bilál at Salmán Al-Fárisiy ang bumili sa mga gamit na kakailanganin sa kasal tulad ng payo sa kanila ng Propeta ﷺ. Inihanda nila ang karpet, pira-pirasong mga tela na yari sa balat ng hayop, mga banga, Ąbáya na mula sa Khaybar at gilingan na yari sa bato. (4)



(4) Biḥárul Anwár ni Al-Majlisiy, v. 43/ p. 130



(3) Biḥárul Anwár ni Al-Majlisiy, v. 19/ p. 113



(5) Al-Tabaqátul Kubrá ni Ibu Sa'ad, v. 8/p. 329

Mga Aklat-Sanggunian

1- Ang Khitbaḥ
- Kashful Ghummaḥ, 1/343
2- Ang Paghahanda sa Kasal
- Biḥárul Anwár, 43/130
3- Ang Handaan
- Faḍáilus Ṣaḥába ni Ahmad Bin Hambal, 2/858
4- Ang Tahanan
– Al-Tabaqátul Kubrá, 8/329,
- Biḥárul Anwár, 19/113



(1) Kashful Ghummaḥ ni Al-Aylíy, 1/343



(2) Faḍáilus Ṣaḥába ni Ahmad Bin Hambal, Hadith Blg.: 1178

E.mail : almabarrh@hotmail.com
almabarrah
House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346
www.almabarrah.net

Poster 3

Ang Mapagpalang Pag-iisang-dibdib Nina Ąli Bin Abu Ṭālib at Fāṭimaḥ “Kalugdan nawa sila ngAlláh ﷻ

Sa poster na ito, makikita mo mula sa mga aklat-sanggunian (nasa banadang ibaba ng poster) na ang mga Sahaba ﷺ ay malaki ang nagampanan sa pagpapakasal ni Ąli kay Fāṭimaḥ ﷺ. Hindi ba’t ang nagtulak sa Sahaba sa bagay na ito ay ang kanilang suporta at pagmamahal kina ni Ąli at Fāṭimaḥ ﷺ? At narito ang mga katibayan:

1. Ang naghimok kay Ąli na magpaabot kay Fāṭimaḥ ay sina: Abu Bakr, Ụmar, Saʾąd Bin Muą’dh pagkatapos ng digmaan ng Badr noong taon 2H.

2. Ang siyang sumagot sa bayad ng dóte[4] ay si Ụthmān ﷺ. At ito ay noong binili ni Ụthmān ang kalasag Hutamiko kay Ąli sa halagang 400 Dirham[5] . At nang magkaroon si Ąli ng pambayad, binalik sa kaniya ni Ụthmān ang kalasag at sinabi na ito raw ay regalo mula sa kaniya. Naganap ang pangyayaring ito nang may pangangalaga sa pagkatao ni Ąli at nang malinis sa pagmamataas at panunumbat mula kay Ụthmān. Kalugdan nawa sila ng Alláh ﷻ.

3. Dahil sa naging masaya ang mga Anṣār (taga-Madinah) sa pag-iisang dibdib nila, nagkatay ng tupa si Saʾąd upang maging handa sa kasal. At ang iba sa mga Anṣār ay nagbigay rin ng mais. Kalugdan nawa silang lahat ng Alláh ﷻ.

4. Hindi lamang diyan nagtatapos ang naidulot na kasiyahan ng mga Anṣār, nariyan si Hāritha Bin Nuʾmān Al-Anṣāriy ﷺ na naghandog sa kanila ng bahay upang magsilbing tahanan na nasa tabi lamang ng bahay ng Propeta ﷺ.

5. At ang panghuli, ang pagbili ng mga gamit sa kasal na pinangunahan ni Abu Bakr para sa mag-asawa.
Mayroon pa bang natitira na tulong na hindi ginampanan ng mga Sahaba?

Ano sa tingin mo ang dahilan ng lahat ng iyan? At anong mapapala nila sa pagtulong sa kanila?

Walang iba kundi dahil sa pagmamahal at pagmamalasakit nila sa isa’t isa, at dahil sa pagtupad nila sa pangako nila kay Propeta ﷺ at sa kaniyang mga kapamilya.

[4] : ari-arian o salapi, o katumbas nito na ibinibigay ng lalake sa pamilya ng kaniyang pakakasalan. (dowry)
[5] Php 30,000 mahigit

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng
Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at
Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Mga Pangalan na Kaibig-ibig kina Ąli Bin Abu Ṭálib at Kaniyang Mga Anak

Ang Pagmamahal at Ang Pagmamalasakit

Ito lamang ang dalawang bagay na naghimok kay Ąli at sa kaniyang mga angkan upang pangalanan ang kanilang mga anak ng mga pangalan na ito. Sapagkat, ang karaniwan ay hindi ipinapangalan sa mga anak ang mga pangalan na kamuhi-muhi sa kanila. Bagkus, pipili sila para sa kanilang mga anak ng maiinam na pangalan at kaaya-aya sa kanilang mga puso.



Pangunahing Sanggunian:

-Tárikhu Dimashq ni Ibn Ąsákir
-Al-Ṭabaqát Al-Kubrá ni Ibn Sa'ąd
-Jamḥaratu Ansábil Ąrab ni Ibn Hazm
-Nasabu Quraysh ni Zubair Bin Bakkár
-Ụmdatu Al-Ṭálib ni Ibn Inabaḥ
-Ansábul Ashráf ni Al-Baládhriy
-Tárikhul Ya'qúbiy
-Maqátil Al-Ṭálibiyyin ni Abul Faraj Al-Aṣfahánly
-Muntaḥal A-mál ni Ąbbás Al-Qummiy
-Al-Muḥabbar ni Ibn Habíb
-Al-Aṣíly ni Ibn Al-Ṭaqṭaqíy
-Kashful Ghummah ni Al-Irubali
-Al-Irshád ni Al-Mufíd
-Mu'jamu Rijálil Ḥadíth ni Al-Khú-iy
-Mustadrakát Ịlmir Rijál ni Namázi Al-Shaḥrúdiy

Mahalagang Paunawa: Ang puno na ito ay naglalaman lamang ng ilang mga pangalan at hindi lahat. Kaya, hindi lahat ng mga pangalan ng angkan ni Ąli ¬ — kalugdan nawa silang lahat ng Allaḥ تعالى — ay nabanggit. Kabilang sa kanila sina Fáṭimaḥ, Ja'far at Zaynab, dahil sa kakulangan sa espasyo.

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian, mangyaring i-scan lamang ang code na ito:

Ugnayang mag-ama — Isang Sahaba

House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346
almabarrah www.almabarrah.net E.mail : almabarrh@hotmail.com

Poster 4

Mga Pangalan na Kaibig-ibig kina Ąli Bin Abu Ṭālib at Kaniyang Mga Anak - kalug-dan nawa silang lahat ng Allaḥ ﷻ

Pag-aralan nang mabuti ang mapagpalang talaangkanan (family tree)[6] na ito!

Sina Abu Bakr, Ụmar at Ụthmān ay naroon sa kaganapan na nangyari sa Karbalā' at na-Shaḥīd doon!

Halika't pagmunihan natin ang mga bagay na ito!

Si Abu Bakr na anak ni Ąli Bin Abu Ṭālib at si Abu Bakr Bin Hasan, ang anak ng kaniyang kapatid na si Hasan Bin Ąli, si Ụmar Bin Hasan at Ụmar Bin Husain, kasama ang dalawang tiyuhin nila na sina Ąbbās at Ụthmān na parehong mga anak ni Ąli Bin Abu Ṭālib (ang ina nilang dalawa ay si Ummul Banīn Al-Kilābiyyaḥ).

Huwag nating kalimutan si Ụmar Bin Ąli, ang pinakahuling yumao sa mga anak ni Ąli ﵁ at sina Ụmar at Ụthmān na mga anak ni Ąli Bin Husain.

Bagkus, nagpatuloy ang ganitong paraan sa pagpili ng pangalan hanggang sa ikaanim na salinlahi. Si Mūsā "Kāḍhim" ay pinangalanan ang dalawa niyang anak na: Abu Bakr at Ụmar!

Nais mo pa ba ng karagdagan na mula mismo sa pamilya ng Propeta na nagmamahal sa lahat ng mga Sahaba at kumikilala sa kanila nang tunay na pagkilala?

Narito sila:

Ą'ishaḥ Bint Ja'far "Ṣāqid"!

Ą'ishaḥ Bint Mūsā "Kāḍhim"!

Ą'ishaḥ Bint Ąli "Riḍā"!

Ą'ishaḥ Bint Ąli "Ḥādī"!

Mahal kong kapatid, napakarami pang mga ugnayan na katangi-tangi at pagbibigay ng pangalan na nagpapahiwatig sa pagpili nila sa mga mararangal na pangalan na ito mula sa mga kilalang aklat. At pagkatapos ng lahat ng ito, mas nanaisin mo pa bang paniwalaan ang mga sapantaha ng mga Orientalista at ng mga taong nalason ang kanilang mga isipan na may away at alitan na namagitan sa kanila?

Syempre, hindi.

[6] : tsart na nagpapakita ng ugnayan at linya ng angkan o lahi. [tagasalin]

Saligang Pangkawanggawa na Laan Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at ng Angkan ni Abu Bakr Ṣiddíq رضي الله عنهم

Sinabi ng Allâh ﷻ:

﴿ محمد رسول الله والذين معه أشداء على الكفار رحماء بينهم ﴾ الفتح:٢٩

"Si Muhammad ay sugo ng Allâh, at ang mga Sahaba niya ay malulupit sa mga di-mananampalataya at may pagmamalasakit sa bawat isa."

At sinabi Niya rin:

﴿ قل لا أسئلكم عليه أجرا إلا المودة في القربى ﴾ الشورى:٢٣

"Sabihin mong "Hindi ko hinahangad sa inyo ang anumang kapalit, ngunit ang pagmamahal sa mga kamag-anak ang siyang nais ko."

Makikita sa ilustrasyon na ito na saksi ang lahat ng mga sanggunian sa pagkakaisa ng Aḥlul Bayt at Sahaba sa pagbibigayan sa kani-kanilang mga pangalan na ipinapangalan sa kanilang mga anak, at sinasaksi rin sa matibay na ugnayan ng dalawang angkan bago at pagkatapos ng naganap na gusot sa panahon nila. Nagpapatunay lamang ang mga ito sa pananatili ng Aḥlul Bayt, Sahaba at Tábi'un sa kanilang matibay na ugnayan. Kaya't mag-ingat sa mga huwad na impormasyon na nilalathala nila.

- Abdulmuṭṭalib
  - Abdullah
    - 1A **Muhammad ﷺ** — Napangasawa niya si Ạ-ishaḥ رضي الله عنها bago ang Hijraḥ.
  - Abu Ṭálib
    - Ja'far
      - Abdullah
        - 3A **Is-háq *** — Napangasawa niya si Ummu Hakím pagkataposng kaganapan sa Karbalá'
    - Ạli Bin Abu Ṭálib
      - Husain
        - 2A **Hasan *** — Napangasawa niya si Hafṣaḥ bago ang taon 49H.
        - Hasan Al-Muthanná
        - Abdullah Al-Mahḍ
        - 5A **Músá Al-Jún *** — Napangasawa niya si Ummu Salamaḥ bago ang taon 154H.
      - Ạli Zaynul Ạ-bidín
        - 4A **Músá Al-Jún *** — Napangasawa niya si Ummu Farwaḥ bago ang taon 80H.
        - Abdullah
          - 6A **Is-háq *** — Napangasawa niya si Kaltham noong nasa kalagitnaan ng pangalawang dantaon ng Hijri Calendar

- Abu Bakr Al-Ṣiddíq
  - Abdurrahmán
    - Abdullah
      - Ṭalha
        - Muhammad
          - Ummu Salamaḥ — 5B
    - Hafṣaḥ — 2B
  - Muhammad
    - 3B Ummu Hakím
    - Ummu Farwaḥ — 4B
    - Abdurrahmán
      - Ismáil
        - Kaltham — 6B
  - 1B **Ạ'isha** — Ang Ina ng Mga Mananampalataya

Kapansin-pansin sa sinumang mambabasa sa anim na ugnayan na nabanggit, na lahat ng mga kalalakihan ay nagmula sa Aḥlul Bayt at ang mga kababaihan ay nagmula sa angkan ni Abu Bakr. Ito ay malinaw na nagpapatunay lamang sa tibay ng ugnayan nilang lahat. Lalo pa't ang mga ugnayang ito ay naganap pagkatapos ng Fitnaḥ (gusot) na naganap sa panahon ng mga Sahaba.

Mahahalagang kaganapan sa kasaysayan ng Islam:

1- Ang pagpanaw ng Propeta ﷺ, taon 11H.
2- Ang pagpupulong sa lilim ng mga angkan ni Sá-idaḥ (Saqifaḥ), 11H.
3- Ang labanan ng Jamal (Kamelyo), Jumáda II 36H.
4- Ang labanan ng Ṣiffín, Safar 37H.
5- Ang pagka-Shaḥíd ni Ạli رضي الله عنه, Ramaḍán 40H.
6- Ang pagpanaw ni Hasan Bin Ạli, 49H.
7- Ang pagka-Shaḥíd ni Husain Bin Ạli sa Karbalá', Muharram 61H.

Mga Sanggunian

(1) Ang Pag-aasawa ni Propeta Muhammad ﷺ kay Ạ'isha
- Tárikhu Dimashq, v. 3/p. 92
- Al-Iṣábaḥ, p. 1726
- Biḥárul Anwár, 22/202

(2) Ang Pag-aasawa ni Hasan kay Hafṣaḥ Bint Abdurrahman Bin Abu Bakr
- Tárikhu Dimashq, v. 63/p. 210
- Biḥárul Anwár, 44/173

(3) Ang Pag-aasawa ni Is-háq Bin Abdullah kay Ummu Hakím Bint Qásim
- Jumalun min Ansábil Ashráf ni Al-Baládhriy, 2/326
- Al-Kuná Wal Alqáb ni Ạbbás Al-Qummiy, pp. 174-175

(4) Ang Pag-aasawa ni Muhammad Al-Báqir kay Ummu Farwaḥ
- Jamḥaratu Nasabi Quraish wa Akhbáruhá, 2/613
- Ụmdatu Al-Ṭálib, p. 225
- Al-Aṣíliy, p. 149

(5) Ang Pag-aasawa ni Músá Al-Jún kay Ummu Salamaḥ Bint Muhammad
- Ụmdatu Al-Ṭálib, pp. 133-134
- Maqátilu Al-Ṭálibiyyín, p. 498
- Sirrus Silsilati Al-Ạlawiyyaḥ, p. 10

(6) Ang Pag-aasawa ni Is-háq Bin Abdullah kay Kaltham Bint Ismáil
- Nasabu Quraish, p.65

Para sa kaalaman ng mga tanda:
Ang (1A) at (1B) at sa mga natitirang ugnayan; nilagyan namin ng mga tanda ang lahat ng may mga ugnayan sa dalawang mapagpalang family tree na ito upang mapadali ang paglilinaw nito; kung saan, ang (A) ay ang asawang lalake at ang (B) ay ang asawang babae.

*Pinatunayan nina Sheikh Al-Mufíd ang mga ugnayan na ito sa kaniyang aklat na "Al-Irshád" p. 270, Muhammad Al-A'lamiy Al-Há-iriy sa kaniyang aklat na "Tarájimu A'lámin Nisá'" p. 278, Ibn Inabaḥ sa kaniyang aklat na "Ụmdatu Al-Ṭálib" p. 225, Ibn Ṭaqtaqiy sa kaniyang aklat na "Al-Aṣíliy" p. 149, at Muṣ-ab Al-Zubairiy sa kaniyang aklat na "Nasabu Quraish".

almabarrah www.almabarrah.net E.mail : almabarrh@hotmail.com House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Poster 5

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at ng Angkan ni Abu Bakr "Ṣiddīq" رضي الله عنه

Ipinapakita ng poster na ito ang anim na ugnayan sa pagitan ng mga angkan ng Propeta ﷺ at mga angkan ni Abu Bakr رضي الله عنه.

Ang pinakamarangal sa mga ito ay yaong pag-iisang dibdib nina Propeta Muhammad ﷺ at Ạ'ishaḥ رضي الله عنها noong bago ang maganap ang Ḥijraḥ (ang paglikas patungong Madinah) nang isang taon. At naganap ang unang pagtatalik nila pagkalipas ng dalawang taon pagkatapos ng paglikas (Ḥijraḥ), taon 2H. At ang pananatili niya sa piling ni Ạ'ishaḥ رضي الله عنها hanggang sa huling mga sandali ng kaniyang pagpanaw, tulad ng nabanggit.

Hindi lamang diyan nagtatapos ang matibay na ugnayan na yaon, bagkus si Hasan — at sa ibang aklat-sanggunian ay si Husain — ang apo at bulaklak ng Propeta ﷺ ay pinakasalan ang apo ni Abu Bakr na si Hafṣaḥ Bint Abdurrahman. [Ito ay nabanggit sa aklat na "Ansábul Ashráf" ni Al-Baládhriy (1/381) at "Al-Muhabbar" ni Ibn Habíb (p. 448)].

At si Mūsā "Jūn" Bin Abdullah "Maḥḍ" Bin Hasan "Muthannā", apo sa tuhod ni Hasan Bin Ạli, ay pinakasalan si Ummu Salamaḥ Bint Muhammad Bin Ṭalha (ang lolo ni Ummu Salamaḥ na si Ṭalha, ay anak ni Abdullah, ang apo ni Abu Bakr kay Abdurrahman). [Ansábul Ashráf (1/407), Nasabu Quraish (1/20), Alfakhriy fí Ansábit Ṭālibiyyín (1/36), at Ụmdatu Al-Ṭālib (p. 113)]

Samantala, sa linya naman ni Husain, pinakasalan ni "Bāqir" si Ummu Farwaḥ Bint Qāsim (Ibn Muhammad) upang isilang para sa kaniya si Jaʾfar "Ṣádiq". [(batay sa lahat ng mga sangguniang aklat)]

Gayundin, pinakasalan ni Is-hāq Bin Abdullah (Ibn Muhammad Bin Ạli Bin Husain) si Kaltham Bint Ismāīl (Ibn Abdurrahman Bin Qāsim Bin Muhammad Bin Abu Bakr).[(Nasabu Quraish, 1/24)]

At sa linya ni Jaʾfar ("Ṭayyār"), pinakasalan ni Is-hāq Bin Abdullah (Ibn Jaʾfar Bin Abu Ṭālib) si Ummu Hakīm Bint Qāsim (Ibn Muhammad Bin Abu Bakr), ang kapatid ni Ummu Farwaḥ (ina ni Jaʾfar "Ṣádiq"). Kaya, si Ummu Hakīm ay tiyahin ni Jaʾfar "Ṣádiq". [("Al-Shajaratul Mubárakaḥ" ni Fakhr Al-Ráziy)]

Malinaw na mapag-aalaman sa poster na ito ang mga sumusunod:

–Halos lahat ng mga ugnayan na ito ay naganap pagkatapos ng pagpanaw ni Abu Bakr رضي الله عنه. Nagpapatunay lamang ito na hindi naging dahilan ang pamamahala at kapangyarihan, bagkus walang iba kundi sa labis na pagmamahal nila sa dalawang angkan; pamilya ni Propeta Muhammad ﷺ at pamilya ni Abu Bakr.

–Ang lahat ng mga kalalakihan ay nagmula sa angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at ang mga kababaihan ay mula sa angkan ni Abu Bakr رضي الله عنه. At hindi lingid sa kaalaman na ang mga kalalakihan ang namamanhikan sa mga kababaihan. Nagpapatunay lamang sa pagpapahalaga ng mga Aḥlul Bayt sa angkan ni Abu Bakr رضي الله عنه.

–Ang pagpapatuloy ng ugnayang ito sa kabila ng iba't ibang mga pagsubok na naganap (tulad ng Saqīfaḥ, Siffīn, Jamal, Karbalā', atbp.) ay malinaw na katibayan na hindi binigyang-pansin ng mga muslim lalo na ang mga Aḥlul Bayt sa mga kaganapang ito at hindi nakaapekto sa kanila, kahit na pinasisiklab ito ng mga Orientalista. Gayumpaman, napakaraming malilinaw na kamalian sa kasaysayan ng Islam na nilagay nila upang pasiklabin ang gusot na naganap sa kapanahunan ng Propeta ﷺ at ng mga kalipa sa hangarin na maging mas lalala at maitanim sa mga muslim ang di-pagkakaunawaan.

مبرة الآل والأصحاب

Ang Kasabihan ni Imám Jaʾfar Al-Ṣádiq رضي الله عنه

"((Iniluwal ako ni Abu Bakr nang dalawang beses.))"*

Unang Pagluwal: Sa pamamagitan ng ina ni Imám Jaʾfar Al-Ṣádiq, si Ummu Farwaḥ Bint Qásim Bin Muhammad Bin Abu Bakr Ṣiddíq. ●
Pangalawang Pagluwal: sa pamamagitan ng lola ni Imám Jaʾfar Al-Ṣádiq, si Asmá' Bint Abdurrahman Bin Abu Bakr Ṣiddíq. ●



Sinabi ng Alláh ﷻ:
"Si Muhammad ay sugo ng Alláh, at ang mga Sahaba niya ay malulupit sa mga di-mananampalataya at may pagmamalasakit sa bawat isa."

﴿ مُّحَمَّدٌ رَّسُولُ ٱللَّهِۚ وَٱلَّذِينَ مَعَهُۥٓ أَشِدَّآءُ عَلَى ٱلۡكُفَّارِ رُحَمَآءُ بَيۡنَهُمۡ ﴾ الفتح:٢٩

At sinabi Niya rin:
"Sabihin mong "Hindi ko hinahangad sa inyo ang anumang kapalit, ngunit ang pagmamahal sa mga kamag-anak ang siyang nais ko."

﴿ قُل لَّآ أَسۡـَٔلُكُمۡ عَلَيۡهِ أَجۡرًا إِلَّا ٱلۡمَوَدَّةَ فِي ٱلۡقُرۡبَىٰ ﴾ الشورى:٢٣

Makikita sa ilustrasyon na ito na saksi ang lahat ng mga sanggunian sa pagkakaisa ng Aḥlul Bayt at Sahaba sa pagbibigayan sa kani-kanilang mga pangalan na ipinapangalan sa kanilang mga anak, at sumasaksi rin sa matibay na ugnayan ng dalawang angkan bago at pagkatapos ng naganap na gusot sa panahon nila. Nagpapatunay lamang ang mga ito sa pananatili ng Aḥlul Bayt, Sahaba at Tábi'un sa kanilang matibay na ugnayan. Kaya't mag-ingat sa mga huwad na impormasyon na nilalathala nila sa kasaysayan.

* "Ụmdatu Al-Ṭálib fi Nasabi Abi Ṭálib" ni Ibn Inabaḥ, p. 345 – "Kashful Ghummaḥ fi Maʾrifatil A-immaḥ" ni Al-Ayliy, 2/347
– "Al-Aṣíliy fi Anṣábit Ṭálibiyyiín" ni Ibn Ṭaqtaqiy, p. 149 – "Taḥdhídul Kamál" ni Al-Mizziy, 5/85 blg. 950 – "Taḥdhídut Taḥdhíd" ni Ibn Hajar Al-Ąsqalániy – "Al-Káshif" ni Dhaḥabiy, 1/295 blg. 798.
● Pinatutunayan ang dalawang pagluwal na ito ng mga aklat-sanggunian, kabilang dito ang aklat na "Kashful Ghummaḥ" ni Al-Ayliy, vol. 2/p. 347.

Mahahalagang kaganapan sa kasaysayan ng Islam:
(1) Ang pagpanaw ng Propeta ﷺ, taon 11H. (2) Ang pagpupulong sa lilim ng mga angkan ni Sá-idaḥ (Saqífaḥ), 11H. (3) Ang labanan ng Jamal (Kamelyo), Jumáda II, 36H. (4) Ang labanan ng Ṣiffín, Safar, 37H. (5) Ang pagka-Shaḥíd ni Ąli عليه السلام, Ramaḍán 40H. (6) Ang pagpanaw ni Hasan Bin Ąli, 49H. (7) Ang pagka-Shaḥíd ni Husain Bin Ąli sa Karbalá', Muharram 61H.

Mga Sanggunian

– "Taḥdhídul Kamál" ni Al-Mizziy : 5/85 blg. 950
– "Al-Káshif" ni Dhaḥabiy : 1/139
– "Taḥdhídut Taḥdhíd" ni Ibn Hajar : 1/310
– "Al-Aṣíliy" : p. 149
– "Ụmdatu Al-Ṭálib" : p. 225
– "Kashful Ghummaḥ" ni Al-Ayliy : 2/347

House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346
almabarrah E.mail : almabarrh@hotmail.com
www.almabarrah.net

Poster 6

“Iniluwal Ako ni Abu Bakr Nang Dalawang Beses.”

Halika’t ipapakita ko sa iyo ang mas nakamamangha!

Ito si Jaʾfar Bin Muhammad Bin Ąli (Ibn Husain Bin Ąli Bin Abu Ṭālib) – kalugdan nawa silang lahat ng Alláh ﷻ –, kilala sa tawag na “Ṣādiq”. Pinagmamalaki niya ang matibay na pagkakaugnay niya sa kaniyang lolo na si Abu Bakr ؓ sa pamamagitan ng kaniyang ina, si Ummu Farwaḥ na anak ni Qāsim Bin Muhammad Bin Abu Bakr – ang “Faqíḥ[7] ng Madinah”– . (Ito ang itinuturing niya na unang pagluwal sa kaniya ni Abu Bakr ؓ.)

Samantala, ang ina ni Ummu Farwaḥ ay si Asmā’ – ang anak ni Abdurrahman Bin Abu Bakr “Ṣiddīq”. (Ito ang itinuturing niya na pangalawang pagluwal sa kaniya.)

Mayroon pa bang ibang bagay na mas karapat-dapat niyang ipagmalaki?

At ano ang naghimok kay “Bāqir” upang pakasalan si Ummu Farwaḥ?

Napansin mo rin ba, giliw naming mambabasa; na ang ugnayan na ito ay naganap mahigit pitumpong taon nang nakaraan mula nang pumanaw si Abu Bakr ؓ?

Kaya’t ang ugnayan na ito ay walang kinalaman sa politika maliban sa kanilang pagmamahalan, pagmamalasakit at pagpili ng marangal na pamilya.

At tunay na nagbunga ito ng isang dakilang pinuno at Imam; si Jaʾfar “Ṣádiq”.

Mayroon siyang mga pag-uulat ng Hadīth sa Ṣahīh ni Muslim at sa apat na aklat na “Sunan”, kahit na mas kilala siya sa larangan ng Fiqḥ.

Paano nga ba naman hindi, kung ang ama niya ay si “Bāqir”, ang tiyuhin niya ay isang kilalang Faqíḥ sa Madinah, si Qāsim Bin Muhammad, at ang Madinah ang banal na lugar – na punong-puno ng kaalaman at mga Ulamā’ – na kaniyang kinagisnan at dito na rin namatay.

[7] May mataas na kaalaman hinggil sa mga batas ng Islam.

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta ﷺ at ng Angkan ni Ụmar Bin Khaṭṭáb رضي الله عنه



رضي الله عنه sa isang Sahaba kapag lalaki رضي الله عنها sa isang Sahaba kapag babae – ang pagkakapareho ng mga bilang, hugis at kulay ay nagsasaad sa mahigpit na ugnayan sa pagitan ng dalawang angkan nina Propeta Muhammad ﷺ at Umar رضي الله عنه

Mahahalagang Sanggunian

–Al-Maárif ni Ibn Qutayba, p. 232
–Al-Ṭabaqát Al-Kubrá ni Ibn Saąd, 3/332
–Wasáilus Shiąh ni Al-Hurrul Ąmiliy, 20/240
–Nasabu Quraysh ni Zabídiy, p. 25
–Ụmdatu Al-Ṭálib, p. 344
–Ansábul Ashráf ni Al-Baládhriy, 1/474
–Mukhtalafus Shiąh ni Al-Hilliy, 2/308
–Al-Mabsúṭ ni Al-Ṭúsiy, 4/270
–Al-Aṣíliy ni Ibn Al-Ṭaqtaqiy, p. 58
–Biḥárul Anwár ni Al-Majlisiy, 44/168, 45/329

Mahalagang Paunawa: Ang ilustrasyon na ito ay naglalaman lamang ng ilan sa mga ugnayan nila.

Sinabi ng Alláh ﷻ: (مُّحَمَّدٌ رَّسُولُ اللَّهِ وَالَّذِينَ مَعَهُ أَشِدَّاء عَلَى الْكُفَّارِ رُحَمَاء بَيْنَهُمْ) (الفتح: ٢٩)

"Si Muhammad ay sugo ng Alláh, at ang mga Sahaba niya ay malulupit sa mga di-mananampalataya at may pagmamalasakit sa bawat isa."

Sa pamamagitan ng talaangkanan na ito, iisa lamang ang sinasabi ng mga aklat-sanggunian ng mga muslim: na ang mga Ahlul Bayt at ang mga Sahaba ay nagkakaisa. Pinangangalanan nila ang kanilang mga anak ng mga pangalan ng bawat isa sa kanila. Ang mga ugnayang magmanugang at magbiyenan ay nanatiling naganap bago at pagkatapos ng mga pangyayaring pagsubok na siyang binanggit namin sa ibaba ang kasaysayan ng mga pangyayaring ito. At nagpapatunay lamang sa matalik na ugnayan sa pagitan ng mga Ahlul Bayt at ng mga Sahaba, Tābiūn at mga salinlahi na sumunod sa kanila. Kaya mag-ingat sa mga salitang tinapakan na kumakalat sa kasaysayan.

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian, mangyaring i-scan lamang ang code na ito:

almabarrah www.almabarrah.net E.mail : almabarrh@hotmail.com House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Poster 7

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at ng Angkan ni Ụmar Bin Khaṭṭáb رضي الله عنه

Lumalabas na tatlong ugnayan sa pagitan ng angkan nina Propeta Muhammad ﷺ at Ụmar رضي الله عنه ang pinatutunayan ng mga aklat-sanggunian. Ang pinakadakila at mas kilala ay ang pagpapakasal ng Propeta kay Hafṣaḥ رضي الله عنها — ang Ina ng mga Mananampalataya — , kung saan naganap ang kasalan noong 3H pagkatapos pumanaw ang asawa ni Hafṣaḥ sa digmaan ng Badr.

Ang pangalawang ugnayan naman ay ang pagpapakasal ni Ụmar Bin Khaṭṭáb sa anak nina Ạli at Fāṭimaḥ, si Ummu Kulthūm رضي الله عنها ang apo ng Propeta ﷺ. Ipinanganak si Ummu Kulthūm sa panahon ng Propeta ﷺ at pinakasalan siya ni Ụmar bago ang taon 20H. (tingnan ang poster 8, “Ako Ang Anak ng Dalawang Kalipa.”)

Nang namatay ang kaniyang ama, si Ạli Bin Abu Ṭālib رضي الله عنه, nasabi niya: “Anong mayroon sa akin at sa Ṣalātul Fajr?”

Ang ibig niyang sabihin: si Ụmar, ang kaniyang asawa ay pinaslang sa kamay ni Abu Lu’lu-a, isang Majūs[8] habang isinasagawa ang Ṣalātul Fajr, si Ạli, ang kaniyang ama ay pinaslang sa kamay ng isang kriminal na si Abdurrahman Bin Muljam sa Ṣalātul Fajr, at sa kagustuhan ng Alláh, pumanaw si Zayd Bin Ụmar, ang kaniyang anak sa Ṣalātul Fajr, hanggang sa siya at si Zayd ay namatay sa iisang oras at hindi nila nalaman kung alin sa kanilang dalawa ang magmamana sa bawat isa. (Riyáḍul Masáil ni Al-Ṭabṭabáiy, 12/664, Mustanadus Shía ni Naráqi, 19/452, Taríkh Dimashqa, sa talambuhay ni Ạli Bin Abu Ṭālib)

At napangasawa siya ni Ạwf Bin Jaʾfar Bin Abu Ṭālib pagkatapos ng pagka-Shaḥīd ni Ụmar Bin Khaṭṭāb. Nabalo din siya at pinangasawa naman ng kapatid nito, si Abdullah Bin Jaʾfar. At sa piling ng huling asawa nito siya ay pumanaw. Sinasabi pa niya:

“Nahihiya ako kay Asmá’ Bint Ụmays, namatay sa piling ko ang dalawa niyang ama, at pinangangambahan ko ang pangatlo.”

Ngunit siya ay pumanaw sa piling ng pangatlo niyang asawa at hindi siya nanganak sa kaniya. [Binanggit ito ni Ibn Hajar sa kaniyang aklat na “Al-Iṣábaḥ” sa talambuhay ni Ummu Kulthūm.]

Ang pangatlong ugnayan ay naganap sa ikalimang salinlahi — mula sa mga apo ng mga apo mula kina Husain Bin Ạli Bin Ạli Bin Husain Bin Ạli Bin Abu Ṭālib[9] at Juwayriyaḥ Bint Khālid Bin Abu Bakr Bin Abdullah Bin Ụmar[10] — bilang patunay sa matibay na samahan ng kanilang mga ninuno.

[8] Ang mga sumasamba sa apoy. Majúsiy ang tawag sa isahan nito.
[9] Apo ng apo ni Ạli Bin Abu Ṭālib رضي الله عنه
[10] Apo ng apo ni Ụmar Bin Khaṭṭāb رضي الله عنه

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng
Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at
Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Sinabi ni Zayd Bin Ụmar Bin Khaṭṭáb:

"Ako ang anak ng dalawang kalipa."



Pumanaw siya at ang kaniyang ina, si Ummu Kulthúm رضي الله عنها
sa iisang oras ⋄
noong taon 45H

⋄ Sinabi ni Ibn Abdulbarr sa aklat na Al-Istí-ąb sa talambuhay ni Ummu Kulthúm Bint Ąli رضي الله عنها:

"Pumanaw si Ummu Khulthúm at ang kaniyang anak sa iisang oras. Si Zayd ay sugatan noong gabi ng labanan sa pagitan ng tribo ni Ądiyy. Tumungo siya sa kanila upang ayusin ang gusot, ngunit mayroong isang lalaki na tumira sa kaniya at nakipagdumugan sa kaniya. At ito ang ikinasugat niya. Tumagal lamang siya nang ilang araw at pumanaw rin kasabay ng kaniyang ina sa parehong oras.

Iyan din ang nabanggit sa "Ansábu Quraysh" ni Al-Baládhríy at sa "Al-Wáfi Fil Wafayát" ni Al-Ṣafadiy.

Sinabi ng Alláh ﷻ : ﴿ مُّحَمَّدٌ رَّسُولُ اللَّهِ وَالَّذِينَ مَعَهُ أَشِدَّاء عَلَى الْكُفَّارِ رُحَمَاء بَيْنَهُمْ ﴾ الفتح: ٢٩

"Si Muhammad ay sugo ng Alláh, at ang mga Sahaba niya ay malulupit sa mga di-mananampalataya at may pagmamalasakit sa bawat isa."

Sa pamamagitan ng ugnayan na ito, pinatutunayan ng mga sangguniang aklat ng mga muslim ang matibay na ugnayan sa pagitan ng dalawang pamilya; nina Ụmar Bin Khaṭṭáb at Ąli Bin Abu Ṭálib رضي الله عنهما. Kaya't mag-ingat sa mga huwad na impormasyon na nilalathala nila sa kasaysayan.

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian, mangyaring i-scan lamang ang code na ito:

Mga Pangunahing Sangguniang Aklat na Nagbanggit ng Ugnayan na ito:

- Al-Aṣíliy ni Ibn Al-Ṭaqtaqiy, p. 58
- Bihárul Anwár ni Al-Majlisiy, 78/382
- Al-Bidáya Wal Niḥaya ni Ibn Kathír
- Táríkhul Islám ni Dhaḥabiy, Mga Kaganapan taon 45H
- Táríkhu Dimashq ni Ibn Ąsákir, talambuhay ni Zayd Bin Ụmar Bin Khaṭṭáb
- Al-Dharí-ą ni Āghá Bozorg Al-Taḥrániy, 5/184
- A'yánus Shía ni Muhsin Al-Amín, 3/486
- Riyáḍul Masáil ni Al-Ṭabṭabáiy, 12/664
- Siyaru A'lámin Nubalá' ni Dhaḥabiy, 3/502
- Al-ṬabaqátAl-Kubrá ni Ibn Saąd, 8/463
- Kashful Lithám ni Al-Fáḍil Al-Hindiy, 9/525
- Kifáyatul Ahkám ni Sabzáwiy, 2/879
- Al-Wáfi Fil Wafayát ni Al-Ṣafadiy, 15/23
- Wasá-ilus Shía ni Al-Hurr Al-Ąmiliy, 26/314
- Mukhtalafus Shíąḥ ni Al-Hilliy, 2/308

almabarrah www.almabarrah.net
House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait
Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Poster 8

“Ako Ang Anak ng Dalawang Kalipa.”

Ipinagmamalaki ni Zayd Bin Ụmar Bin Khaṭṭáb ang dalawang niyang inaama na sina Ụmar at Ạli ﵄ at sinasabi niya: “Ako ang anak ng dalawang kalipa.”, ito ay dahil sa ang kaniyang ina ay si Ummu Kulthūm, ang anak nina Ạli at Fāṭimaḥ ﵂.

Inulat ni Hákim na mula kay Jaʾfar Bin Muhammad “Ṣádiq” mula sa kaniyang ama, si “Báqir” : “Namanhikan si Ụmar Bin Khaṭṭāb kay Ạli sa kaniyang anak na si Ummu Kulthūm at nagwika: “Ipakasal mo siya sa akin.” Ang tugon niya: “Inilaan ko siya para sa aking pamangkin na si Jaʾfar.” Ang sabi ni Ụmar :“Ipakasal siya sa akin. WaLLĀḤi, walang ibang maglalaan para sa kaniya na tulad ng ilalaan ko para sa kaniya.” Kaya ipinakasal sa kaniya si Ummu Kulthūm. Tumungo naman si Ụmar sa mga Muḥájirun at nagwika: “Hindi n’yo ba ako babatiin?” “Babatiin para saan, Amīrul Mu’minīn?” ánila. “Para sa mapapangasawa kong si Ummu Kulthūm ang anak nina Ạli at Fāṭimaḥ na anak ng Propeta ﷺ. Narinig ko ang sinabi ng Propeta ﷺ:“Lahat ng lahi at tali[11] ay mapuputol sa Araw ng Paghuhukom, maliban sa aking tali at lahi.” Kaya ninais kong magkaroon ng ugnayan sa pagitan ko at ng Propeta ﷺ, ang lahi at relasyon.”

Ipinanganak niya kay Ụmar sina Zayd at Ruqayyaḥ. Si Zayd ay hindi namuhay nang matagal; dahil sa binata pa siya nang pumanaw sanhi ng hidwaan sa pagitan ng dalawang pamilya ng kaniyang mga tiyuhin na mula sa tribo ni Ạdiyy. Lumabas siya upang ipag-ayos ang dalawang panig, tinamaan siya sa ulo ng isang bagay na hindi malaman kung saan nagmula. At hindi rin siya tumagal hanggang sa pumanaw siya kasabay ng kaniyang ina na si Ummu Kulthūm ﵂ sa parehong oras.

Ang kapatid niyang si Abdullah Bin Ụmar ang nanguna sa Ṣalātul Janāzaḥ para sa kaniya, at nasa nito ang kaniyang amain na sina Hasan at Husain noong 45H – kalugdan nawa silang lahat ng Alláḥ ﷻ. [Tarikhu Dimashq ni Ibn Ạsákir, talambuhay ni Zayd Bin Ụmar]

At si Ruqayyaḥ Bint Ụmar naman, napangasawa ni Ibráhím Bin Nu-aym Bin Nahhām, isa sa angkan ni Ạdiyy. [Al-Iṣábaḥ ni Ibn Ḥajar, talambuhay ni Ibráhím Bin Nu-aym Bin Al-Nahhám]

[11] : ito ang literal na kahulugan nito na tumutukoy sa lahat ng relasyon na umuugnay sa isang tao.

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Ang Ugnayan ni Ụthmán رضي الله عنه sa Angkan na Pinagmulan ng Propeta

Ąbdumanáf
Pangatlong Lolo ng Propeta ﷺ

Ąbdushams

Ąbdulmuṭṭalib Bin Ḥáshim
Lolo ng Propeta ﷺ

Kurayz ⇌ **‘Bayḍá**
Tita ng Propeta ﷺ at Lola ni Ụthmán رضي الله عنه

Arwá
Ina ni Ụthmán رضي الله عنها

Ąffán
Ama ni Ụthmán

Ụthmán Bin Ąffán رضي الله عنه

Abdullah
Ama ng Propeta ﷺ

Ụthmán رضي الله عنه

Muhammad ﷺ

Ruqayyaḥ رضي الله عنها
Unang Asawa

Ummu Kulthúm رضي الله عنها
Pangalawang Asawa

Ang talaangkanan na ito ay malinaw na pinatutunayan ang lalim ng ugnayan ni Ụthmán رضي الله عنه sa pamilya ng Propeta ﷺ, narito ang mga sumusunod:

1-Iisang linahe ang pinagmulan ni Ụthmán at ng Propeta ﷺ, ang linahe ni Ąbdumanáf Bin Quṣayy Bin Kiláb, ang pangatlong lolo ng Propeta ﷺ.

2-Ang ugnayan ni Ụthmán kay Propeta ﷺ sa kaniyang dalawang anak, sina Ruqayyaḥ at Ummu Kulthúm.

3-Si Arwá Bint Kurayz - ang ina ni Ụthmán – ang ina ni Arwá ay tiya ng Propeta na si Ummu Hakím Bayḍá’ Bint Abdulmuṭṭalib. At si Bayḍá’ ay kakambal ni Abdullah, ang ama ng Propeta ﷺ.

Gabay ng Mga Palatandaan

- Tuwiran na ugnayang mag-ama ←
- Di- tuwiran na ugnayang mag-ama ←- -
- Ugnayang mag-asawa ⇌
- Isang Sahaba رضي الله عنه

Mga Sanggunian

–Al-Ṭabaqátul Kubrá, 3/30 (lahat ng nilalaman ng poster)

–Usdul Ghábaḥ, 3/538 (lahat ng nilalaman ng poster)

–Tárikhul Ya’qúbiy, 2/162 (ang kaniyang pangalan, lahi, ama at ina)

–Al-Ṭabaqátul Kubrá, 8/265 (si Bayḍá’ ang lola ni Ụthmán at ang anak nitong si Arwá

– Al-Isti-qb, 4/1780 (si Bayḍá’ ang lola ni Ụthmán at ang kambal mitong si Abdullah)

–Tárikhul Ya’qúbiy, 2/17 (si Bayḍá’ ang lola ni Ụthmán at ang kambal mitong si Abdullah)

–A’yánus Shiá, 4/663 (si Bayḍá’ ang lola ni Ụthmán at ang kambal nitong si Abdullah)

–Tárikhul Islám ni Dhaḥabiy, 1/467 (ang lahi ni Ụthmán at pag-asawa niya kina Ruqayyaḥ at Ummu Kulthúm)

–Biḥárul Anwár, 22/201-202 (pag-asawa ni Ụthmán kina Ruqayyaḥ at Ummu Kulthúm)

almabarrah www.almabarrah.net
House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait
Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Poster 9

Ang Ugnayan ni Ụthmān ﵁ sa Angkan na Pinagmulan ng Propeta ﷺ

Siya ang pinuno ng mga muslim, ang pangatlong kalipa, isa sa mga sampung binĄlitaan ng Paraiso, isa sa mga nangungunang Sahaba, isa sa mga lumikas nang dalawang beses (Habasha at Madinah), isa sa mga tinitingala noong panahon ng Jāhiliyyaḥ[12] at ngayong pag-usbong ng Islam, nang dahil sa kaniya naganap ang kasunduan sa ilalim ng puno (ang Riḍwān), at marami pang kabutihan at kahigtan na hindi mabilang.

Lumilitaw ang mahigpit na ugnayan ni Ụthmān sa angkan ng Propeta sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. Siya ay pinsan ng Propeta ﷺ; sapagkat bumabalik ang kanilang linahe kay Ąbdumanāf Bin Quṣayy, ang pangatlong lolo ng Propeta ﷺ. Siya si Ụthmān Bin Ąffān Bin Abul-Ąṣ Bin Umayya Bin Abdushams Bin Ąbdumanāf.

2. Si Arwá Bint Kurayz ay ina ni Ụthmān Bin Ąffān. At ang ina ni Arwā ay si Bayḍā' Bint Abdulmuṭṭalib, ang kapatid ni Abdullah na ama ng Propeta ﷺ, bagkus ang kakambal niya.

3. Si Kurayz ay lolo niya sa kaniyang ina na bumabalik ang kaniyang linahe at ang linahe ni Propeta Muhammad ﷺ kay Ąbdumanāf. Ibig sabihin, nagkakaisa ang linahe ni Ụthmān sa parehong linya ng kaniyang ama at ina at ang linahe ng Propeta ﷺ sa lolo nitong si Ąbdumanāf.

4. Ang higit sa lahat na hindi mapapantayan; ang pagpapakasal niya kay Ruqayyaḥ ﵂ bago ang paglikas (Ḥijra), at ang paglikas niya kasama siya tungong Habasha at Madinah, at ang pag-aalaga niya sa kaniya sa sakit na tigdas sa utos ng Propeta ﷺ noong kaganapan ng digmaan ng Badr.

5. Nang pumanaw si Ruqayyaḥ ﵂, ipinakasal sa kaniya ng Propeta ang kapatid nitong si Ummu Kulthūm ﵂. At nagpatuloy ang kanilang pagsasama hanggang sa pagkamatay nito noong taon 9H.

Sa susunod na pahina, matutunghayan ang karagdagang ugnayan ni Ụthmān at ng kaniyang angkan sa angkan ng Propeta ﷺ.

[12] : Pre-Islamic Era, ang panahon bago ang pag-usbong ng Islam sa Arab Peninsula.

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng
Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at
Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at ng Angkan ni Ụthmán رضي الله عنه



Isang Sahaba

Ang pagkakapareho ng mga bilang, hugis at kulay -nagsasaad sa mahigpit na ugnayan sa pagitan ng dalawang mararangal na persona; ang angkan ng Propeta ﷺ at ang angkan ni Ụthmán.

Mga Pangunahing Sanggunian

(1)(2) Ang Pag-aasawa ni Ụthmán Bin Ąffán kina Ruqayyaḥ at Ummu Kulthúm
- Al-Ṭabaqát Al-Kubrá, 8/261-262
- Tárikhu Dimashq, 2/70
- Kashful Ghummah ni Al-Irubali, 1/339
- Biháru Anwár, 22/201-202

(3) Ang Pag-aasawa ni Abdullah Bin Ąmr kay Fáṭimaḥ Bint Hasan
- Al-Maąrif ni Ibn Qutayba, p. 213
- Jumalun Min Ansábil Ashráf, 2/419
- Al-Aṣiliy, p. 65
- Maqátilu Al-Ṭálibiyyín, p. 167

(4) Ang Pag-aasawa ni Zayd Bin Ąmr kay Sakínaḥ Bint Hasan
- Al-Ṭabaqát Al-Kubrá, 8/469
- Nasabu Quraysh, p. 59
- Al-Maąrif ni Ibn Qutayba, p. 214

(5) Ang Pag-aasawa ni Marwán Bin Abán kay Ummu Qásim Bint Hasan
- Nasabu Quraysh, p. 53
- Jamḥaratu Ansábil Ąrab, p. 42
- Jamḥaratu Ansábil Ąrab, p. 85

(6) Ang Pag-aasawa ni Abdullah Bin Hasan kay Ruqayyaḥ Bint Muhammad Al-Dibáj
- Al-Maąrif, p. 201
- Jamḥaratu Ansábil Ąrab, p. 83

(7) Ang Pag-aasawa ni Is-háq Bin Abdullah kay Aisha Bint Ụmar
- Nasabu Quraysh, p. 59

(8) Ang Pag-aasawa ni Abán Bin Ụthmán kay Ummu Kulthúm Bint Abdullah Bin Ja'far
- Jumalun Min Ansábil Ashráf, 2/325

Mahalagang Paunawa: Ang talaangkanan na ito ay naglalaman lamang ng ilan sa mga ugnayan nila.

Sinabi ng Alláh ﷻ: (مُّحَمَّدٌ رَّسُولُ اللَّهِ وَالَّذِينَ مَعَهُ أَشِدَّاء عَلَى الْكُفَّارِ رُحَمَاء بَيْنَهُمْ) (الفتح: ٢٩)

"Si Muhammad ay sugo ng Alláh, at ang mga Sahaba niya ay malulupit sa mga di-mananampalataya at may pagmamalasakit sa bawat isa."

Sa pamamagitan ng ilustrasyon na ito, pinatutunayan ng mga sangguniang aklat ng mga muslim ang pananatili ng matibay na ugnayan na ito sa pagitan ng Aḥlul Bayt at ng Sahaba, at maging sa kanilang mga angkan. Kaya't mag-ingat sa mga huwad na impormasyon na nilalathala nila sa kasaysayan.

House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346
almabarrah www.almabarrah.net E.mail : almabarrh@hotmail.com

Poster 10

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at ng Angkan ni Ụthmān ﷺ

Malinaw na lumilitaw sa poster na ito ang ugnayan sa pagitan ng angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at ng angkan ni Ụthmān ﷺ, na pinatutunayan ng mga sumusunod:

1. bumabalik ang kanilang linahe kay Ąbdumanāf Bin Quṣayy, ang pangatlong lolo ng Propeta ﷺ.

2. ang pag-asawa ni Ụthmān sa dalawang anak ng Propeta ﷺ na sina Ruqayyaḥ at Ummu Kulthūm.

3. ng pananatili ng ugnayan na ito sa loob ng limang (5) salinlahi; kay Ụthmān, sa anak niyang si Abān, sa apo niyang si Marwān, kina Abdullah at Zayd na anak ni Ąmr, at maging ang kaniyang mga inapo[13].

4. sa pamilya ni Hasan ang dalawang ugnyan, at sa pamilya ni Husain ang tatlo.

At walang duda na ang naturang ugnayan ay mas lalong nagpapalakas sa ugnayang pampamilya at pangkomunidad, at mas lalo pang nadadagdagan ang tibay ng samahan sa paglago nito. Nakikita mo ba na ang mga ugnayan na ito ay walang ibang pinatutunayan kundi ang paghuhubog sa kanila ng Propeta ﷺ sa pagmamahal sa Aḥlul Bayt at mga Sahaba? Bagkus, nagpatuloy pa ang ugnayan na ito sa kanilang mga anak at inapo!

Pagnilayan mong mabuti... Papayag ka bang mapangasawa o pangasawahin ka ng isang alanganin ang pagka-Islam, o ang pag-uugali, o isang hinihinala mong may tinataglay na galit at sama ng loob?

Kung ikaw, hindi ka papayag, ang Aḥlul Bayt at mga Sahaba ay mas karapat-dapat na hindi papayag.

[13] : kabilang sa malalayong susunod na salinlahi.

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at ng Mga Kapinsanan ng Propeta sa Linya ng Angkan ng Kaniyang Ama

Saligang Pangkawanggawa na Laan Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب



Mas pinili naming ibahin ang paglathala ng "Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at angkan ni Ụthmán Bin Áffán" dahil sa dami at kahalagahan nito.

Mahalagang Paunawa: Ang talaangkanan na ito ay naglalaman lamang ng ilan sa mga ugnayan nila.

Sinabi ng Alláh ﷻ: (مُّحَمَّدٌ رَّسُولُ اللَّهِ وَالَّذِينَ مَعَهُ أَشِدَّاء عَلَى الْكُفَّارِ رُحَمَاء بَيْنَهُمْ) (الفتح: ٢٩)

"Si Muhammad ay sugo ng Alláh, at ang mga Sahaba niya ay malulupit sa mga di-mananampalataya at may pagmamalasakit sa bawat isa."

Sa pamamagitan ng talaangkanan na ito, pinatutunayan ng mga sangguniang aklat ng mga muslim ang pana-natili ng matibay na ugnayan na ito sa pagitan ng Aḥlul Bayt at ng Sahaba, at maging sa kanilang mga angkan. Kaya't mag-ingat sa mga huwad na impormasyon na nilalathala nila sa kasaysayan.

Isang Sahaba

Ang pagkakapareho ng mga bilang, hugis at kulay -nagsasaad sa mahigpit na ugnayan sa pagitan ng dalawang mararangal na persona; ang angkan ng Propeta ﷺ at ang angkan ni Ụthmán.

Mga Pangunahing Sanggunian

- Táríkhu Dimashq, ni Ibn Aṣákir
- Al-Ṭabaqát Al-Kubrá, ni Ibn Saąd
- Jamḥaratu Ansábil Ąrab ni Ibn Hazm
- Nasabu Quraysh ni Zubair Bin Bakkár
- Ụmdatu Al-Ṭálib ni Ibn Inabaḥ
- Ansábul Ashráf ni Al-Baládhriy
- Táríkhul Ya'qúbiy
- Maqátil Al-Ṭálibiyyín ni Abul Faraj Al-Aṣfaḥániy
- Muntaḥal A-mál ni Ąbbás Al-Qummiy
- Al-Muḥabbar ni Ibn Habíb
- Al-Aṣíliy ni Ibn Al-Ṭaqṭaqiy
- Kashful Ghummah ni Al-Irubali

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian, mangyaring i-scan lamang ang code na ito:

House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

almabarrah www.almabarrah.net E.mail : almabarrh@hotmail.com

Poster 11

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at ng Mga Kapinsanan ng Propeta sa Linya ng Angkan ng Kaniyang Ama

Itong poster na yata ang may pinakamaraming nilalalaman sa lahat, kahit pa hiniwalay namin ang paglathala sa ugnayan ng angkan ni Ụthmān Bin Ạffān ؓ. At mapag-aalaman mo, - giliw kong kapatid na mambabasa – sa loob ng poster na ito ang mga sumusunod na mga katotohanan:

1. Ang Aḥlul Bayt (angkan ng Propeta) ay hindi humiwalay mula sa kanilang komunidad, sa pamamagitan ng maraming ugnayan na ito sa loob ng maraming salinlahi.

2. Ang tatlo na mula sa mga anak na babae ng Propeta ﷺ sa naturang family tree ay nagmula sa tribo ng Quraysh, (kung isasali natin si Ụthmān ؓ).

3. Mayroong walong ugnayan (ng Aḥlul Bayt) sa pamilya ni Ụthmān ؓ, anim sa pamilya ni Marwān Bin Hakam, at apat sa pamilya ni Abu Sufyān ؓ.

4. Mula sa mga ugnayan na ito, labinwalong (12) ugnayan (ng Aḥlul Bayt) sa pamilya ni Ạli Bin Abu Ṭālib ؓ. Ito ang malinaw na lumalabas sa poster na ito at sa poster na "Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Propeta Muhammad ﷺ at ng Angkan ni Ụthmān".

5. Halos lahat ng mga ugnayang ito ay naganap pagkatapos ng pangyayari ng fitnaḥ (ang labanan ng Ṣiffīn, ang labanan ng Jamal, ang pagka-Shaḥīd ni Husain Bin Ạli sa Karbalā').

6. Mayroong apat na ugnayan (ng Aḥlul Bayt) sa pamilya ni Abu Sufyān, ang pinakamataas sa mga ito ay ang pag-iisang dibdib nina Propeta ﷺ at Ummu Habībaḥ Bint Abu Sufyān (ang pinakamalapit na kadugo ng Propeta ﷺ sa lahat ng kaniyang mga asawa).

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng
Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at
Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Ang Kaugnayan ni Zubair رضي الله عنه sa Angkanna Pinagmulan ng Propeta ﷺ

Quṣayy

Pang-apat na lolo ng Propeta ﷺ

Khuwaylid

Abdulmuṭṭalib

Ąwwám رضي الله عنه

Ama ni Zubair

Ṣafiyyaḥ رضي الله عنها

Ina ni Zubair

Abdullah

Tiyuhin ni Zubair

Zubair

Ang Disopulo ng Propeta ﷺ
At pinsan(*) niya sa ama

Khadíjaḥ رضي الله عنها

Tiyahin ni Zubair

Muhammad ﷺ

Pinsan sa ina ni Zubair

Fáṭimaḥ ‘Al-Zaḥrá رضي الله عنها

Pinsan(1) ni Zubair sa ama

(tuwiran na ugnayang mag-ama)

(di-tuwiranng ugnayang mag-ama)

isang Sahaba : رضي الله عنه

Mga Sanggunian: lahat ng mga natatanging aklat ng talambuhay at kasaysayan tulad ng:

- Siyaru A'lámin Nubalá' ni Dhaḥabiy, 1/43
- Siyaru A'lámin Nubalá', 1/41
- Al-Iṣábaḥ ni Ibn Ḥajar, p. 425 (talambuhay ni Zubair)
- Al-Iṣábaḥ, p. 1721
- Al-Qawá-id wal Fawá-id ni Muhammad Bin Makkiy Al-Ąmiliy, 2/327
- Mustadrakát Ilmir Rijál ni Al-Shaḥrúdiy, 3/419 (7175) vol. 3/419.
- Al-Wáfi ni Ṣafadiy, 16/327

(*) anak ng kapatid na babae ng ama ni Propeta Muhammad ﷺ
(1) anak na babae ng kapatid na babae ng ama ni Zubair

Ang naturang larawan ay malinaw na ipinapakita ang malalim na ugnayan ni Zubair Bin Ąwwám, ang tinaguriang "Disipulo ng Propeta ﷺ" sa Aḥlul Bayt. Sa katunayan, siya ay :

1- Pinsan ni Propeta Muhammad ﷺ (anak ng kaniyang tiyuhin); bumabalik ang kaniyang linahe at ang linahe ni Propeta Muhammad ﷺ kay Quṣayy Bin Kiláb.

2- Pinsan ni Propeta Muhammad ﷺ (anak ng kaniyang tiyahin na si Ṣafiyyaḥ Bint Abdulmuṭṭalib.

3- Anak ng kapatid ni Khadíjaḥ Bint Khuwaylid, ang asawa ng Propeta ﷺ at tinaguriang "Ina ng mga Mananampalataya".

4- Pinsan ni Fáṭimah (anak ng kaniyang tiyuhin na si Ąwwám).

E.mail : almabarrh@hotmail.com
almabarrah
www.almabarrah.net
House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait
Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Poster 12

Ang Kaugnayan ni Zubair ﵁ sa Angkan na Pinagmulan ng Propeta ﷺ

Si Zubair Bin Ąwwám Bin Khuwaylid Bin Asad Bin Abdul-Ụzza Bin Quṣayy Bin Kiláb Al-Qurashiy Al-Asadiy, si Abu Abdullah, ang tinaguriang “Disipulo ng Propeta” ﷺ.
At siya ay anak ng tiyahin ng Propeta ﷺ na si Ṣafiyyaḥ Bint Abdulmuṭṭalib ﵂. At siya ay isa sa mga binalitaan ng Propeta ﷺ na makakapasok sa Paraiso, at isa sa anim na mga tao na inutos ng Propeta ﷺ na sumangguni sa kanila.

Tinatawag siya ng kaniyang ina sa palayaw na “Abu Ṭāḥir” na siyang palayaw ng kaniyang kapatid na si Zubair Bin Abdulmuṭṭalib. Ngunit mas pinili niyang isunod ang kaniyang palayaw sa kaniyang anak na si Abdullah at dito siya mas nakilala.

Niyakap niya ang Islam sa gulang na (12) labindalawang taon, at sinasabi rin ng iba na walong taong gulang siya nang niyakap ito.

Nagkakaisa ang lahi ni Zubair Bin Ąwwām at lahi ng mga Aḥlul Bayt sa maraming relasyon :

1. Bumabalik ang kanilang lahi sa pang-apat na lolo ng Propeta na si Quṣayy Bin Kilāb.

2. Ang kaniyang ina ay si Ṣafiyyaḥ Bint Abdulmuṭṭalib Bin Ḥāshim Al-Qurashiyyaḥ Al-Ḥāshimiyyaḥ ﵂ na tiyahin ng Propeta ﷺ, at kapatid ni Ḥamza ﵁. Ang kaniyang ina ay si Ḥálaḥ Bint Waḥb, ang kapatid ng ina ni Propeta ﷺ (tiyahin).

Ang una niyang naging asawa ay si Hárith Bin Harb Bin Umayyaḥ, at nang namatay, napangasawa siya ni Ąwwám Bin Khuwaylid Bin Asad Bin Abdul-Ụzza. Nagkaanak sa kaniya, at sila sina Zubair at Sā-ib. Niyakap niya ang Islam at lumikas kasama ang kaniyang anak na si Zubair. Namuhay hanggang sa pamumuno ni Ụmar ﵁.

3. Ang kaniyang tiyahin na kapatid ng kaniyang ama ay si Khadījaḥ Bint Khuwaylid, ang “Ina ng mga Mananampalataya” at ang “Reyna ng mga Kababaihan sa Mundo” ﵂, at ang kauna-unahang mananampalataya sa naniwala kay Propeta Muhammad ﷺ.

4. Kaya naman, si Fāṭimaḥ na anak ng Propeta ay pinsan niya.

Nang dahil dito, marapat lamang na sabihin natin na ang ugnayang ito ay magsisilbing lunas... Si Zubair sa tahanan ng Propeta ﷺ!

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Ąli at ng Angkan ni Zubair رضي الله عنهما

13 ugnayan ang namagitan sa pagitan ng pamilya ni Ąli at pamilya ni Zubair sa pagpapakasal ng dalawang angkan sa loob ng **100** taon

Quṣayy Bin Kiláb

Khuwaylid Bin Asad Bin Abdul-Ụzza

Abdulmuṭṭalib Bin Ḥáshim Bin Abdumanáf

Zubair Bin Ąwwám رضي الله عنه

Ąli Bin Abu Ṭálib رضي الله عنه

1	Ụbayda			Mundhir	Fáṭimaḥ			
2	Muṣ-ąb			Ja'far	Mulaykaḥ	Hasan	Hasan	رضي الله عنه
3	Mundhir			Ąmr	Ruqayyaḥ		Hasan	رضي الله عنه
4	Mundhir	Muhammad	Fulayh	Fákhitaḥ	Muhammad	Abdullah	Hasan	Hasan رضي الله عنه
5	Mundhir	Ḥamza		Amínaḥ	Husain		Hasan	رضي الله عنه
6	Abdullah رضي الله عنه			Nafisaḥ (Ummu Hasan)			Hasan	رضي الله عنه
7	Muṣ-ąb			Sukaynah			Husain	رضي الله عنه
8	Muṣ-ąb	Ḥamza		Khálidaḥ	Husain	Ąli	Husain	رضي الله عنه
9	Ụrwa	Ḥishám	Zubair	Ąbídaḥ	Músa	Ụmar	Ąli	Husain رضي الله عنه
10	Ụrwa	Ụthmán		Fáṭimaḥ	Ja'far	Ụmar	Ąli	Husain رضي الله عنه
11	Mundhir	Muhammad	Ụbaydullah	Buraykaḥ	Ibrahim	Husain	Ąli	Husain رضي الله عنه
12	Muṣ-ąb	Muhammad		Ṣafiyyaḥ	Muhammad	Ąwn	Ąli	Muhammad
13	Ąmr	Zubair	Ąmr	Ummu Ąmr	Abdullah	Husain	Ąli	Husain رضي الله عنه

Mahalagang Paunawa: Ang talaangkanan na ito ay naglalaman lamang ng ilan sa mga ugnayan nila.

Mag-asawa ○ Mag-ama → Sahaba رضي الله عنه

Sinabi ng Allāh ﷻ: (مُحَمَّدٌ رَّسُولُ اللَّهِ وَالَّذِينَ مَعَهُ أَشِدَّاءُ عَلَى الْكُفَّارِ رُحَمَاءُ بَيْنَهُمْ) (الفتح: ٢٩)
"Si Muhammad ay sugo ng Allāh, at ang mga Sahaba niya ay malulupit sa mga di-mananampalataya at may pagmamalasakit sa bawat isa."

Sa pamamagitan ng ilustrasyon na ito, pinatutunayan ng mga sangguniang aklat ng mga muslim ang pananatili ng matibay na ugnayan na ito sa pagitan ng Ahlul Bayt at ng Sahaba, at maging sa kanilang mga angkan. Kaya't mag-ingat sa mga huwad na impormasyon na nilalathala nila sa kasaysayan.

House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

almabarrah E.mail : almabarrh@hotmail.com

www.almabarrah.net

Mga Pangunahing Sanggunian

-Al-Maárif ni Ibn Qutayba, p. 232
-Shajátun Ṭúbá ni Muhammad Mahdi Al-Há-iriy, p. 120
-Jamharatu Ansábil Árab ni Ibn Hazm, pp. 22, 53, 55
-Sirrus Silsilati Al-Álawiyyaḥ ni Abu Nasr Al-Bukhari, p. 10
-Mu'jamu Rijálil Hadith ni Al-Khú-iy, 12/76
-Nasabu Quraysh ni Zabidiy, pp. 19,26
-Al-Muhabbar ni Ibn Habib, p. 57
-Mustadrakát Ilmir Rijál ni Namázi, Talambuhay blg. 8226
-Al-Mujdi fi Ansábiṭ Ṭálibiyyin ni Ali Bin Muhammad Al-Alawiy, p. 195
-Al-Ṭabaqát Al-Kubrá ni Ibn Sa'ąd, 5/327

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian, mangyaring i-scan lamang ang code na ito:

Poster 13

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Ąli at ng Angkan ni Zubair

Sa pagpapatuloy ng pagsasaliksik sa matibay na pagmamahalan sa pagitan ng Aḥlul Bayt at mga Sahaba bilang pangkalahatan, at lalo na sa pagitan ng angkan nina Ąli Bin Abu Ṭālib at Zubair, matutunghayan sa poster na ito ang mga sumusunod:

1. Naganap ang mga ugnayang ito pagkatapos ng Labanan ng Jamal (36H) ; upang ipakita sa atin nang malinaw na ang kaganapan sa Jamal ay hindi nakasira sa kanilang pagmamahalan para sa bawat isa. At ang mga pinagsasasabi ng mga Orientalista na mga alitan at pag-aaway sa pagitan nila ay pawang kasinungalingan at walang katibayan.

2. Umaabot ang mga ugnayang ito sa bilang na 13 ugnayan sa loob ng dantaon, at sa pamamagitan ng anim na henerasyon mula sa kanilang mga anak at apo.

3. Ang bilang ng ugnayan mula sa pamilya ni Hasan ay lima: sa anak, apo, sa dalawang anak na babae (Ruqayyaḥ at Nafīsaḥ), at apo na babae (Mulaykaḥ).

4. Ang bilang ng ugnayan mula sa pamilya ni Husain ay anim, limang kalalakihan na pawang mga apo ni Ąli Bin Husain at ang babaeng anak ni Husain na si Sukaynaḥ.

5. At apat na ugnayan naman ang mula sa pamilya ni Muṣ-ąb Bin Zubair na kasama ang pamilya ni Ąli ﷺ .

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahab

مبرة الآل والأصحاب

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Ąli at ng Pamilya ni Ṭalha



Mga Sanggunian

1) Ang Pag-aasawa ni Hasan kay Ummu Is-háq Bint Ṭalha
-Nasabu Quraysh, p. 50
-Jumalun Min Ansábil Ashráf, 3/305
-Al-Muhabbar, p. 442
-Al-Maarif, p. 233
-Al-Irshád ni Al-Mufid, 2/20

2) Ang Pag-aasawa ni Husain kay Ummu Is-háq Bint Ṭalha
-Nasabu Quraysh, p. 59
-Maqátilu Al-Ṭálibiyyin, p. 166
-Al-Irshád ni Al-Mufid, 2/135

3) Ang Pag-aasawa ni Abdullah Bin Hasan Bin Husain kay
-Al-Muhabbar, p. 442; at nabanggit dito ang pag-aasawa sa kaniya ni Abdullah Bin Hasan Bin Husain, at maaaring ito isang pagkakamali sa pagsulat.
Al-Kámil fil Lugati wal Adab, 2/75

4) Ang Pag-aasawa ni Núh Bin Ibrahim Bin Muhammad Bin Ṭalha kay Ąbdaḥ Bint Ąli Bin Husain
-Nasabu Quraysh, p. 62
-Al-Muhabbar, p. 438 ; at dito nabanggit ang kaniyang palayaw (Ummu Ąli)
-Al-Muhabbar, p. 450
-Jamḥaratu Ansábil Ąrab, p. 52

5) Ang Pag-aasawa ni Ąwn Bin Muhammad Bin Ąli kay Hafṣaḥ Bint Ịmrán
-Al-Muhabbar, p. 448

Mahalagang Paunawa: Ang talaangkanan na ito ay naglalaman lamang ng ilan sa mga ugnayan nila.

(مُّحَمَّدٌ رَّسُولُ اللَّهِ وَالَّذِينَ مَعَهُ أَشِدَّاء عَلَى الْكُفَّارِ رُحَمَاء بَيْنَهُمْ) (الفتح: ٢٩)

Sinabi ng Alláh ﷻ:

"Si Muhammad ay sugo ng Alláh, at ang mga Sahaba niya ay malulupit sa mga di-mananampalataya at may pagmamalasakit sa bawat isa."

Sa pamamagitan ng talaangkanan na ito, iisa lamang ang sinasabi ng mga aklat-sanggunian ng mga muslim: na ang mga Ahlul Bayt at ang mga Sahaba ay nagkakaisa. Pinangangalanan nila ang kanilang mga anak ng mga pangalan ng bawat isa sa kanila. Ang mga ugnayang magmanugang at magbiyenan ay nanatiling naganap bago at pagkatapos ng mga pangyayaring pagsubok na siyang binanggit namin sa ibaba ang kasaysayan ng mga pangyayaring ito. At nagpapatunay lamang sa matalik na ugnayan sa pagitan ng mga Ahlul Bayt at ng mga Sahaba, Tābiūn at mga salinlahi na sumunod sa kanila. Kaya mag-ingat sa mga salitang tinapakan na kumakalat sa kasaysayan.

almabarrah www.almabarrah.net
House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait
Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Poster 14

Ang Ugnayan sa Pagitan ng Angkan ni Ąli at ng Angkan ni Ṭalha رضي الله عنهم

Ipinapakita ng poster na ito ang isa pang karagdagan na katibayan hinggil sa mga kasinungalingan tungkol sa Labanan ng Jamal na marapat lamang na bigyan ng babala. Dahil kung totoo man ang mga sinasabi nila, ano ang nagtulak sa mga Aḥlul Bayt upang ipakasal nila ang kanilang angkan sa angkan ni Zubair katulad ng naunang nabanggit, at sa angkan ni Ṭalha katulad ng matutunghayan natin, kung totoo nga na may namuong galit sa kanilang mga sarili?

Si Ṭalha ay anak ni Ụbaydullah Bin Ụthmān Bin Ąmr Bin Kaʾab Bin Saʾad Bin Taym Bin Murraḥ Bin Kaʾab Bin Lu-ayy Bin Ghālib Al-Qurashiy Al-Taymiy, siya si Abu Muhammad, ang isa sa mga binalitaan na makapapasok sa Paraiso, isa sa walo na naunang yumakap sa Islam, isa sa lima na yumakap sa kamay ni Abu Bakr, isa sa anim na sanggunian (Aṣ-hābus Shūra). At hindi maikakaila ang kaniyang kahigtan at pangunguna. Bagaman, makikita natin sa poster na ito ang mga sumusunod:

1. Ang pag-asawa ni Hasan Bin Ąli ﷺ kay Ummu Is-hāq Bint Ṭalha رضي الله عنها upang magsilang ng isang anak na lalake na ipingalanang Hasan رضي الله عنه (Ṭalha)

2. Higit pa, pinakasalan siya ni Husain pagkatapos pumanaw ng kaniyang kapatid alinsunod sa tagubilin nito; upang isilang sa kaniya ang isang babae na si Fāṭimaḥ (pinakabunso).

3. Ang tanong: Hindi ba't sina Hasan at Husain ay sumabak sa Labanan ng Jamal? Bakit pa sila magpapakasal sa angkan ni Ṭalha, kung talagang totoo ang mga pinagsasabi ng mga Orientalista hinggil sa Labanan ng Jamal?
Kaya't matinding pag-iingat ang nararapat; dahil sa pinanghimasukan ito ng mga kamay na nadungisan ng masasamang balak laban sa Islam.

4. Pinakasalan nina Abdullah Bin Hasan (Bin Hasan Bin Ąli Bin Abu Ṭālib) at Ąwn Bin Muhammad (Bin Ąli Bin Abu Ṭālib) ang apo (sa tuhod) ni Ṭalha; si Hafṣaḥ Bint Įmrán (Bin Ibrahim Bin Muhammad Bin Ṭalha). [na-Shahīd siya (Muhammad) kasabay ng kaniyang ama (Ṭalha) sa Labanan ng Jamal]

5. Magpapakasal ang apo ni Husain; si Ąbdaḥ Bint Ąli Bin Husain sa apo ni Ṭalha na si Núh Bin Ibrahim Bin Muhammad Bin Ṭalha. At siya ay kapatid na babae ni Bāqir at tiyahin ni Ṣādiq at anak ni Ąli "**Zaynul Ąbidīn**".

6. Hindi mo ba napapansin mahal kong mambabasa ba na ang pagkakaisa ng Ummah ay siyang pangunahing layunin na pinangalagaan ng mga Aḥlul Bayt at mga Sahaba. Sila ang ating huwaran.

BIN ALI

3-49H

مبرة الآل والأصحاب

رضي الله

ng Panglimang Kalipa

had



Ang Ilan sa Kaniyang Kahigtan

Mula kay Abu Hurayra na sinabi ng Propeta tungkol kay Hasan: **"Ya Alláh, mahalin Mo siya at mahalin Mo ang lahat ng nagmamahal sa kaniya."** (Bukhari:2016, Muslim:2421)

At mula kay Abdullah Bin Umar na sinabi ng Propeta tungkol kay Hasan at Husain: **"Silang dalawa ay mga bulaklak ko dito sa mundo."** (Bukhari:3543)

At mula kay Abu Sa-íd Al-Khudriy na sinabi ng Propeta : **"Sina Hasan at Husain ay mga pinuno ng mga kabataan sa Paraiso."** (Musnad Ahmad:11012, Sunan Kubra ni Nasa-i:8525, Tirmidhiy:3768)

Ang Panglimang Kalipa

Mula kay Safína na alipin ng Propeta ang sinabi ng Propeta : "Ang pamumuno ng mga kalipa sa aking Ummah ay 30 taon, at pagkatapos nito ay ang pamumuno ng mga hari."[1]

At ang naging kabuuan ng pamumuno ng mga kalipa ay tatlumpung taon kasama ang limang buwan na pamumuno ni Hasan bilang kalipa. At sa katapusan nito, siya ay bumitiw sa pagkakalipa at pumalit sa pamumuno si Muawiyah – kalugdan nawa silang lahat ng Allah – . Nagkatotoo ang mensahe ng Propeta ص sa naturang Hadith.

Mga Anak		Mga Asawa
Ṭalha[3]	Isinilang sa kaniya	**Ummu Is-háq Bint Ṭalha Bin Ụbaydullah**
Abu Bakr Bin Hasan (na-shahíd sa Karbala) **Ummu Hasan Bint Hasan**[4] (napangasawa ni Abdullah Bin Zubair)	Isinilang sa kaniya	**Mulaykaḥ Bint Ahnaf Bin Qays**
Zayd[5]	Isinilang sa kaniya	**Ummu Bashír Bint Abu Mas-ud Al-Anṣáriy**
Hasan Al-Muthanná* Ibrahim (Al-Ghamr) — Abdullah Al-Kámil (Al-Mahdh) Banu Ṭabá-Ṭabá — Kabilang sa kaniyang angkan: Salmán, Idrís Muhammad Bin Tabá-Tabá Ang Anak ng Mga Imam sa Yemen Dinastiya ng angkan ni Muhammad Al-Ukhaydir sa Yimámah Dinastiya ng angkan sa Idrís sa Morocco Dinastiya ng angkan ni Hamid sa Andalus – ang pinakahuling imperyo ng angkan ni Umayyah **At kabilang sa kaniyang mga angkan:** -Imperyo ng angkan ni Salih Bin Musa Bin Abdullah Al-Saqiy sa Ghana. Sudan. -Imperyo ng angkan ni Numayy Bin Sa'ad Bin Qatadah sa Makkah. (*) ang pagsangay ng mga ito ay lalaw mula sa aklat na Tarikhnbai Khuldun p. (1512).	Isinilang sa kaniya	**Khawlaḥ Bint Mandhur Al-Fazáriy**[6]
		Hafsah Bint Abdurhmān Bin Abu Bakr[7] sinasabing ang nakapangasawa sa kaniya ay si Husain . At siya ay tiyahin ni Ummu Farwah - ang ina ni Ja'far "Sādiq".
		Si Hasan ay may tinatayang labing-anim na anak, labing-isa sa kanila ay mga lalake, at mga natitira ay mga babae.[8]

(9) Tarikhut Tabari 5/270; Al-Kamil fit Tarikh ni Ibn Athir (Ang Mga Pangyayari noong taon 30H); Tarikh ni Ibn Khuldun 2/135.
(10) Tarikh ni Ibn Khuldun 2/128.
(11) Sahih Bukhariy, Kitab al Manaqib, Babu Sifatin Nabiy (3349)
(12) Al-Kharaj ni Abu Yusuf p. 34; Musannaf ni Abdurrazzaq 11/100; Siyaru A'lamun Nubala 3/259.
(13) Sharhu Nahajil Balaga ni Ibn Abu Hadid 12/215.
(14) Biharul Anwar ni Majlisiy 10/38; Manaqib A-li Abi Talib ni Shahr A-shub 2/269.
(15) Musannaf ni Ibn Abu Shaibah 15/224; Tarikhu Dimashq (Talambuhay ni Uthman) (37694) 39/390; Musnad ni Is-haq bin Rahuya (2088); Shariah ni A-jurriy (434); Albidayah Wannihayah 8/36.
(16) Inulat ni Bukhari mula kay Abu Bakra sa Kitab As-Sulhi: Ang sinabi ng Propeta kay Hasan: "Ang anak (apo) kong ito ay mamumuno Hadith blg. (2704)
(17) Ansabul Ashraf ni Al-Baladhriy 3/49.

#1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

HASAN

رضي الله عنهما

Amírul Mu'minín, an

Ang Kaugnayan Niya kay Abu Bakr "Assiddiq"

Naabutan ni Hasan ang pamumuno ni Abu Bakr bilang kalipa noong siya ay siyam na taong gulang. At kabilang sa mga tanda ng pagmamahal ni Abu Bakr sa kaniya ﷺ ang naiulat sa Sahih Bukhari mula kay Uqba Bin Harith: "Nag-Salah si Abu Bakr ng Asr at lumabas pagkatapos, nang makita niya si Hasan na naglalaro kasama ang mga bata, kinarga niya ito sa kaniyang balikat at nagwika: "Tunay na ikaw ay kawangis ng Propeta ﷺ at hindi kawangis ni Ali." habang si Ali ay tumatawa."[11]

Ang Kaugnayan Niya kay Umar "Alfaruq"

Naabutan ni Hasan ang pamumuno ni Umar bilang kalipa noong siya ay labing-isang taong gulang hanggang sa edad na labindalawa. At kabilang sa mga tanda ng pagmamahal niya kay Hassan at sa kapatid niyang si Husain ﷺ:

1- Naglaan siya para kina Hasan at Husain ng tulad ng bahagi ng mga saksi ng digmaan ng Badr. Bagkus, ang unang binigyan ng bahagi mula sa mga yaman at salapi na nadambong sa digmaan ng Persya ay si Hasan, sumunod si Husain bago ang mga Sahaba.[12]

2- Nang dumating ang mga damit mula sa Yemen, wala kahit isa ang nagkasya kina Hasan at Husain. Kaya nagpadala siya sa Yemen, at nang dumating para sa kanila ang mga damit, nagwika siya: "Sa wakas, mapapanatag na rin ang aking kalooban.[13]

3- Mas pinipili niyang bigyan sina Hasan at Husain kaysa sa kaniyang anak na si Abdullah Bin Umar. Kaya nang sinabi ni Abdullah sa kaniya: "Mas inuuna mo sila sa akin na ako itong kabilang sa kasamahan ng Propeta ﷺ at nag-Hijra (nangibang-bayan)?". Ang sagot sa kaniya ni Umar: "Tumahimik ka, ang ama nila ay di-hamak na mas mainam sa iyong ama, at ang ina nila ay di-hamak na mas mainam sa iyong ina."[14]

Ang Kaugnayan Niya kay Uthman "Dhul Nurain"

Naabutan ni Hasan ang pamumuno ni Uthman bilang kalipa hanggang sa umabot siya ng lampas sa tatlumpong taong gulang. At kabilang sa mga tanda ng pagmamahal ni Hasan at pagrespeto kay Kalipa Uthman Bin Affan ay pagtatanggol niya sa Kalipa noong pinalibutan siya ng mga pumaslang sa kaniya. At gumamit pa siya ng dalawang espada sa pagtanggol sa Kalipa, kahit pa labag ito sa kalooban ni Uthman. Ngunit tumanggi siya hanggang sa siya ay naging sugatan.[15]

Ang Pagtanggi Niya sa Pagkakalipa at Ang Pag-alaga Niya sa Buhay ng mga Muslim Mula sa Pagdanak ng Dugo Nito

Bilang pagpapatotoo sa Hadith ng Propeta ﷺ : "Tunay na ang apo kong ito ay mamumuno, at sa pamamagitan niya ipag-aayos ng Allah ﷻ ang dalawang malaking panig ng mga muslim."[16]

Pinangalagaan ng dakilang pinunong ito ang buhay ng mga muslim mula sa pagdanak nito, kahit pa taglay niya ang lakas ng hukbo at sandata ngunit tumanggi siyang makipaglaban at mas pinili ang gantimpala mula sa Allah ﷻ .

Pagkatapos ng pagkahirang sa kaniya bilang kalipa nang limang buwan, bumitiw siya sa panununungkulan dahil sa pagpili niya kay Muawiyah bilang bagong kalipa. Nang dahil sa pangyayaring ito tinawag ang taong ito (40H) na taon ng pagkakaisa ("Amul Jama-ah"); dahil sa pagkakaisa ng mga muslim sa iisang pinuno pagkatapos nilang magkawatak.

Sinabi kay Hasan Bin Ali ﷺ : "May mga muslim na nag-iisip na gustong-gusto mo pa rin na maging kalipa." Ang sagot niya: "Dati ko nang hawak ang mga pinuno ng bawat tribo ng Arab, namamayapa ang mga nais maging payapa dahil sa akin, at kinakalaban ko ang mga nais kumalaban sa akin, ngunit iniwan ko ang mga iyan sa hangad na makakamtan ko ang lugod ng Allah ﷻ.[17]

Ang Pakikidigma Niya sa Larangan ng Jih



Mga sanggunian

(1) Sunan ni Abu Dawud (4648), Sunan ni Tirmidhiy : 3/341 (2226), Musnad ni Imam A 5/220 (21969) at balikan ang aklat na inilathala ng Mabarrah hinggil sa pagturing sa kani bilang panglima sa mga matutuwid na kalipa.

(2) Nabanggit ang kaniyang pagkapanglimang kalipa sa aklat na "Bidaya Wannihaya" 8/ At sa paliwanag ng aklat na "Attahawiyyah" (545); Ahkamul Qur-an ni Ibn Arabiy 4/17 Sharhun Nawawiy Ala Sahih Muslim 12/201; Umdatul Qari Sharhu Sahih Bukhari 24/24 Faydul Qadir 2/409; Assawa-iqul Muhriqa 2/397.

(3) Almujdiy fi Ansabit Talibin na komentaryo ni Mahdi Raja-iy p. 202 .

(4) Almujdiy fi Ansabit Talibin pp. 201, 202, Lubabul Ansab ni Bayhaqiy p. 343.

(5) Uqudud Dhahab fi Jamharati Ansabil Arab ni Ibn Hazm p. 185 ; Tahdhibul Ansab ni Ubaydliy p. 33.

(6) Balikan ang aklat na "Si Hasan Al-Muthanna at Ang Anak Niyang Si Abdullah" na ka din sa mga nailimbag ng Mabarrah.

(7) Tarikhu Dimashq, sa talambuhay ni Mundhir Bin Zubair; Al-Muhabbar ni Ibn Habíb

(8) Jamharatu Ansabil Arab ni Ibn Hazm p. 38 ; Abna-ul Imam fi Misr was Sham ni Ibn Tabataba p. 77.

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian, mangyari i-scan lamang ang code na ito:

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرّة الآل والأصحاب

BIN ALI

Isinilang noong 4H at na-Shahid taon 61H

رضي الله

in ay ang mga mangunguna sa mga

Inulat nina Imam Ahmad, Tirmidhiy, Nasa-iy, at Ibn Majah.



); Tarikh ni Ibn Khuldun 2/135.
fi Tarikhi Halab ni Ibn Adim 3/8.

s Saduq p. 226.
Shia p. 26; Allamhatul Husainiyyah ni Murtada Almutahhariy 1/129.
i Tarikhi Halab ni Ibn Adim 3/38; Al-Irshad ni Almufid 2/122; Biharul Anwar ni Almajlisiy 44/146.
Sabbagh 2/802; Maqatilut Talibiyyin ni Al-Asfahaniy p. 73; Biharul Anwar ni Almajlisiy 44/185.
haniy 3/177; Maqatilut Talibiyyin ni Asfahaniy p. 75.

aymiyyah 4/550.

Ang Kaniyang Mga Anak

Ali (Zaynul Ąbidīn) , Muhammad, Jaąfar, Ąli (panganay), Sukaynah at Fāṭimah.
(At sina Umar, Abdullah (sanggol) at Ali (Bunso) ay nasa ilalim ng diskusyon ng mga dalubhasa.)[1]

Ang Kaniyang Mga Kapatid na Lalaki at Babae

Si Ali Bin Abu Talib ay may maraming mga anak na lalaki, at ang mas kilala sa kanila ay sina:

- Hasan : ang kaniyang kapatid na buo.
- Muhammad (Ibn Hanafiyyah)
- Abu Bakr, Abbas, Uthman, at Abdullah; at sila ay namatay nang martir kasama ni Husain.
- Umar (siya ang pinakahuling namatay sa mga anak ni Ali)

Ang mga babae naman ay marami, mas kilala sa kanila sina: Zaynab, Ummu Kulthum, Khadijah, Maymunah, Ramlah at Jumanah.[2]

Ang Kaniyang Mga Manugang

Sukaynah رضي الله عنها

Ang kaniyang mga asawa:

1. Hasan Bin Hasan Bin Ali Bin Abu Talib رحمه الله
2. Abdullah Bin Amr Bin Uthman Bin Affan رحمه الله
3. Asbagh Bin Abdul-Aziz Bin Marwan Bin Hakam
4. Zayd Bin Amr Bin Uthman Bin Affan رحمه الله
5. Abdullah Bin Uthman Bin Abdullah Bin Hakim Bin Hizam رحمه الله
6. Ibrahim Bin Aburrahman Bin Awf رحمه الله

Fatimah رضي الله عنها

Ang kaniyang mga asawa:

1. Abdullah Bin Hasan Bin Ali Bin Abu Talib رحمه الله
2. Mus-ab Bin Zubair Bin Awwam رحمه الله

Tarikh ni Khatib Albaghdadiy 5/368; Siyaru A'lamin Nubala 11/265; Ansabul Ashraf ni Albaladhriy (sa pagbanggit sa mga anak ni Husain); A'yanus Shi-a ni Muhsin Amin 3/492; Tarikh Awsat ni Imam Bukhari 1/345; Tarikh Dimashq ni Ibn Asakir 9/170; Al-Muhabbar ni Ibn Habib p. 438; Mir-atul Jinan ni Al-Yafi-iy 1/117; Maqatilut Talibiyyin ni Abul Faraj Al-Asfahaniy p. 120.

(Nang may diskusyon sa pagitan ng mga dalubhasa ng kasaysayan sa pagkakasunod-sunod ng mga asawa ni Sukaynah, ngunit ang tatlo sa kanila ay namatay makalipas ang ilang panahon pagkalipas ng kanilang kasal)

House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

HUSAIN رضي الله عنهما

Ang Mga Pumaslang sa Kaniya

Bago ang labanan sa Karbala:

Sila ang mga taga-Kufah na sumuway at ang mga anak nila na lumabas upang paslangin siya.[6]

Mga sandali ng labanan sa Karbala:

Sila sina Ubaydullah Bin Ziyad (ang siyang nag-utos sa pagpaslang sa kaniya), Umar Bin Sa'ad (ang lider ng hukbo), at ang hukbo na nakipaglaban sa kaniya, lalo na ang dalawang pumaslang sa kaniya:

- Sinan Bin Anas Annakha-iy
- Shimr bin Dhul Jawshan.[7]

Ang Mga Nagtaksil sa Kaniya

1- Sila yaong mga nagsimula sa mga liham at sulat nang paamat-amat mula sa mga taga-Kufah.[8]

2- Yazid Bin Muawiyah, na hindi man lamang umaksyon sa mga pumaslang sa kaniya at ni hindi man lamang niya sila pinarusahan, at nakontento na lamang sa pagpapahiya at pagmura kay Ubaydullah Bin Ziyad, at idinaan na lamang sa "blood money" na ibinigay sa pamilya ni Husain رضي الله عنه.[9]

Ang Mga Tumulong sa Kaniya

Bago ang labanan sa Karbala:

- Ang mga Sahaba at ang mga pamilya ng Propeta ﷺ na nagpayo sa kaniya na huwag na munang lumabas, tulad nina Ibn Abbas, Ibn Umar, Ibn Zubair, Muhammad Bin Ali "Ibn Hanafiyyah", Abdullah Bin Jaafar Bin Abu Talib, Abdullah Bin Muti', Abdullah Bin Ayyash, Yazid Bin Asamm, at si Abu Waqid Allaythiy رضي الله عنهم.[10]

Mga Sandali ng labanan sa Karbala:

- Ang kaniyang mga kapatid : Abu Bakr, Abbas, Uthman, Jaafar, Abdullah, at ang kaniyang mga anak at mga pamangkin, ilang mga Sahaba tulad ni Al-Hurr bin Yazid Attamimiy.[11]

Pagkatapos ng labanan:

Ang mga Ulama na itinuring ang mga pumaslang sa kaniya na makasalanan at hindi katanggap-tanggap ang kanilang mga pagsaksi.

Kabilang sa mga Ulama na ito ay sina:

- Abu Bakr Bin Alkhallal, sinabi niya: "Isinumpa ng Allah ﷻ ang mga pumaslang kay Husain Bin Ali, at isinumpa ng Allah ﷻ ang mga pumaslang kay Umar, at isinumpa ng Allah ﷻ ang mga pumaslang kay Uthman, at isinumpa ng Allah ﷻ ang mga pumaslang kay Ali.[12]
- Taqiyyuddin Ibn Taymiyyah: "Samantala, ang mga pumaslang kay Husain at ang mga tumulong sa pagpaslang, o mga nalulugod sa ganung gawa, ay mapapasakanila ang sumpa ng Allah ﷻ, ng mga anghel at lahat ng mga muslim."[13]
- Qurtubiy na nagsabi tungkol kay Husain: "Kaawaan nawa siya ng Allah ﷻ at hindi ang mga pumaslang sa kaniya." At sinabi pa niya: "Kalugdan nawa ng Allah ﷻ si Husain at hindi ang mga pumaslang sa kaniya."[14]

Sinabi ng Propeta ﷺ : "Sina Hasan at Husa kabataan ng mga taga-Paraiso."

Ang Pakikidigma Niya sa Larangan ng Jihad



Ang Mga Sanggunian:

1) Siyaru A'lamin Nubala 5/314; Nasabu Quraysh ni Ibn Bakkar 5/57.
2) Al-Irshad ni Al-Mufid p. 248; Tarikhut Tabariy 4/359; Nasabu Quraysh 2/40.
3) Tarikhut Tabariy 5/270; Al-Kamil fit Tarikh ni Ibn Athir (Mga Pangyayari noong 30H
4) Al-Bidayah wan Nihaya ni Ibn Athir 8/151; Tarikhut Tabariy 6/148; Bughyatut Talib
5) Tarikh ni Ibn Khuldun 2/128.
6) Muntahal Amal ni Alqummiy p.568; Nafsul Mahmum ni Abbas Alqummiy p. 365.
7) Tarikhut Tabariy 4/346; Maqatilut Talibiyyin ni Abul Faraj Al-Asfahaniy p. 80; Amali
8) Biharul Anwar ni Almajlisiy 44/333; Tarikhu Dimashq ni Ibn Asakir 14/216; A'yanus
9) Minhajus Sunnah ni Ibn Taymiyyah 4/557; Tarikhut Tabariy 3/339; Bughyatut Talab
10) Albidayah wan Nihayah 8/174; Tarikhu Dimashq 1/201; Alfusulul Muhimmah ni Ibn
11) Tarikhut Tabariy4/343; A'yanus Shia ni Muhsin Amin 2/302; Sharhul Akhbar ni Nu'm
12) Assunnah ni Imam Alkhallal 3/522.
13) Majmu-ul Fatawa ni Ibn Taymiyyah 4/487; Minhajus Sunnah Annabawiyyah ni Ibn Ta
14) Attadhkirah ni Qurtubiy 2/215.

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian, mangyaring i-scan lamang ang code na ito:

almabarrah E.mail : almabarrh@hotmail.com www.almabarrah.net

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Saligang Pangkawanggawa na Laan Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Ang Mga Manugang ni Husain Bin Ali Bin Abu Talib na Mula sa Mga Anak ng Mga Sahaba رضي الله عنهما



Ang lahat ng pagkakaugnay na ito ay naganap bago pa nangyari ang labanan sa Karbala (61H), maliban sa pagpakasal ni Hasan (Almuthanna) kay Fatimah, at ni Abdullah Bin Hasan kay Sukaynah.

Ang dami ng bilang ng mga asawa ni Sukaynah ay dahil sa maraming bagay tulad ng pagkamartir ng asawa o pagkamatay, o pumanaw rin pagkaraan ng kanilang kasal, bukod pa sa deborsyo.

Mahahalagang Sanggunian

1- Ang mga naging asawa ni Fatimah Bint Husain:

- Nasabu Quraish p. 59 (ang pag-iisang dibdib nina Fatimah at Hasan Almuthanna, at ni Abdullah AlMutarrif Bin Amr Bin Uthman)
- Almaarif ni Ibn Qutayba p. 213 (ang pag-iisang dibdib nina Fatimah at Hasan
- Almuthanna, at ni Abdullah AlMutarrif)
- Ansabul Ashraf 2/419 (ang pag-iisang dibdib nina Fatimah at Hasan Almuthanna, at ni Abdullah AlMutarrif)
- Tarikhu Dimashq 74/13 , talambuhay blg. 9736 (ang pag-iisang dibdib nina Fatimah at Hasan Almuthanna, at ni Abdullah AlMutarrif)
- Maqatilut Talibiyyin p. 167 (ang pag-iisang dibdib nina Fatimah at Hasan
- Almuthanna, at ni Abdullah AlMutarrif Bin Amr Bin Uthman)
- Al-Aṣíliy p. 62 (ang pag-iisang dibdib nina Fatimah at Hasan Almuthanna)
- Nasabu Quraysh p. 51 (ang pag-iisang dibdib nina Fatimah at Hasan Almuthanna)
- Jamharatu Ansabil Arab, p. 41 (Ang pag-iisang dibdib nina Fatimah at Hasan Almuthanna
- Maqatilut Talibiyyin p. 166 (ang pag-iisang dibdib nina Fatimah at Hasan Almuthanna)
- Kashful Ghummah ni Al-Irubali, 2/202 (Ang pag-iisang dibdib nina Fatimah at Hasan Almuthanna
- Muntahal Amal ni Abbas Alqummiy, 1/652 (Ang pag-iisang dibdib nina Fatimah at Hasan Almuthanna

2- Ang mga naging asawa ni Sukaynah Bint Husain:

- Attabaqatul Kubra 8/469 (Ang lahat ng mga naging asawa ni Sukaynah)
- Tarikhu Dimashq 73/153, talambuhay blg. 9696 (Ang lahat ng mga naging asawa ni Sukaynah)
- Nasabu Quraysh p. 59 (Ang lahat ng mga naging asawa ni Sukaynah)
- Almaarif ni Ibn Qutayba p. 214 (Ang lahat ng mga naging asawa ni Sukaynah)
- Jumalun min Ansabil Ashraf 2/416 (Ang lahat ng mga naging asawa ni Sukaynah)
- Almuhabbar p. 438 (Ang lahat ng mga naging asawa ni Sukaynah)

House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

almabarrah www.almabarrah.net E.mail : almabarrh@hotmail.com

Poster 17

Ang Mga Manugang ni Husain Bin Ąli Bin Abu Ṭālib na Mula sa Mga Anak ng Mga Sahaba ﵃

Halina't samahan ninyo ako sa mga anak ni Husain – kalugdan nawa siya ng Alláḥ – , lalo na sina Ąli Bin Husain, Fāṭimaḥ at Sukaynaḥ, ang dalawang niyang kapatid na babae. At sa pag-aaral, mapag-aalaman natin na sila ay namatay nang martir sa Karbalā' kasama ng kanilang amang si Husain, at ng mga kapati nila at mga lalaking pinsan. At ang pinakamahalaga sa atin ngayon ay ang mga sumusunod:

1. Si Hasan "Muthannā" Bin Husain Bin Ąli Bin Abu Ṭālib (ang asawa ni Fāṭimaḥ), lumabas nang sugatan mula sa labanang iyon. Nabiyayaan sila ng mga anak na lalake na sina: Hasan "Muthallath", Abdullah "Maḥd", Ibrahim "Ghamr", at lahat sila ay magagaling na pinuno, at mga anak na babae na sina Zaynab (napangasawa ni Khalifa ng Ummayad na si Walīd Bin Abdulmalik) at Ummu Kulthūm (napangasawa ng pinsan niyang si Muhammad "Bāqir").

2. At nang pumanaw si Hasan "Muthannā" (tinatayang sa taon 97H), pinangasawa siya ni Abdullah Bin Ąmr Bin Ųthmān Bin Ąffān – ang kilala rin sa bansag na "Muṭarrif". At ipinanganak sa kaniya si Muhammad "Dībāj" at isa pang babae.

3. Samantala, si Sukaynaḥ ay napangasawa ni Abdullah Bin Hasan Bin Ąli Bin Abu Ṭālib, at siya ang tinutukoy sa ibang mga aklat na "Qāsim" at ang "kunya" o palayaw niya ay Abu Bakr. Namatay siya nang martir sa isang pangyayari na naganap sa "Aṭṭaff"[14] kasama ng kaniyang pamilya.

4. Napangasawa niya pagkatapos ni Qāsim si Mus-ạb Bin Zubair Bin Ąwwām, at nagbunga ng isang anak na babae na pinangalanang Fāṭimaḥ.

5. At nang pumanaw si Mus-ạb noong 71H, pinangasawa siya ni Abdullah Bin Ųthmān Bin Abdullah Bin Hakīm Bin Hizām. At nagbunga ng mga anak na sina Ųthmān "Qarīn", Hakīm at Rabīha.

6. At nang pumanaw si Abdullah, pinangasawa siya ni Zayd Bin Ąmr Bin Ųthmān Bin Ąffān.

7. At nang pumanaw si Zayd, pinangasawa naman siya ni Ibrahim Bin Abdurrahman Bin Ąwf. Ngunit naghiwalay din pagkatapos ng tatlong buwan.

At saka siya pinangasawa ni Asbagh Bin Abdul-azīz Bin Marwān Bin Hakam, - ang kapatid ni Kalifa Ųmar Bin Abdul-azīz. Ngunit maaga rin yumao.

Kapansin-pansin sa nabanggit kay Sukaynaḥ ang mga sumusunod:
1. Kadalasan, ang tumatayong "Waliy" ni Sukaynaḥ sa kaniyang pag-asawa ay ang kaniyang kapatid na si Ąli Bin Husain.

2. Dalawa sa mga naging asawa ni Sukaynaḥ ay pumanaw nang maaga, namatay din ang isa sa kanila, nakipaghiwalay pagtapos ng tatlong buwan; na siyang nagpapaliwanag sa dami ng nagpangasawa sa kaniya.

3. Mapagninilayan na ang mga naging asawa nina Fāṭimaḥ at Sukaynaḥ ay mga anak at apo ng mga Sahaba; lalo na sina Ųthmān, Zubair at Abdurrahman Bin Ąwf ﵃ , na siyang mag-aangat sa ating pagdududa at masisiguro natin na sila ay nagmamahalan at nagmamalasakit sa bawat isa hanggang sa naipamana nila ito sa kanilang mga inapo.

[14] Pangalan ng isang lugar na malapit sa Kūfaḥ.

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

MUHAMMAD "BAQIR"

Muhammad Bin Ali Bin Husain Bin Ali Bin Abu Talib رضي الله عنهم

(Ipinanganak taon 56H – pumanaw taon 114H)

Ang mga naging guro niya mula sa mga Sahaba

- Ummu Salamah (Hindu Almakhzumiyyah) رضي الله عنها (Ummul Mu'minin)
- Abu Said Alkhuriy Al-Ansariy رضي الله عنه
- Anas Bin Malik Al-Ansariy رضي الله عنه
- Jabir Bin Abdullah Al-Ansariy رضي الله عنهما
- Abdullah Bin Abbas Alhashimiy رضي الله عنهما
- Abdullah Bin Umar Bin Khattab رضي الله عنهما

Kabilang sa kaniyang mga sinabi:

Tinanong si Abu Jaafar "Baqir" hinggil sa pagdisenyo sa espada. At ang sagot niya: "Walang problema, dahil si Abu Bakr Siddiq mismo ay naglalagay ng disenyo sa kaniyang espada." At biglang tanong ulit sa kaniya: "Sinasabi mong "Siddiq"? "Oo, Siddiq, Siddiq, Siddiq." ang tugon ni Baqir. "Ang sinumang hindi tumawag ng "Siddiq" sa kaniya ay hindi nawa paniniwalaan ng Allah sa kaniya ang kaniyang salita dito sa mundo at sa kabilang-buhay." dagdag pa niya.

Ang mga sinasabi ng mga Ulama tungkol kay Baqir رضي الله عنه

Siya ay isang Imam, Thabat (matatag at matibay), nangunguna siya sa kaniyang angkan, angkan ni Hashim sa kaniyang panahon. Kilala sa tawag na "Baqir" dahil sa pagtuon niya sa pagsasaliksik ng kaalaman, kaya nalalaman niya ang pinagmumulan nito at pinagtataguan.

Mayroon siyang mga ulat sa atin na mga aklat ng Sunnah ay hihigit sa bilang na

240

Ang kaniyang ina

Ummu Abdullah

Bint Hasan Bin Ali Bin Abu Talib رضي الله عنه

Kabilang sa kaniyang mga asawa

Ummu Farwa

Bint Qasim Bin Muhammad Bin Abu Bakr Assiddiq رضي الله عنه

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian, mangyaring i-scan lamang ang code na ito:

Mga Pangunahing Sanggunian

-Al-Asiliy ni Ibn Taqtaqiy p. 149
-Tahdhibul Kamal ni Mizziy 26/137
-Tadhkiratul Huffadz ni Dhahabiy 1/124
-Umdatut Tālib ni Ibn Inaba p. 345
-Siyaru A'lamin Nubala ni Dhahabiy 4/402
-Kashful Ghummah ni Al-Irubali 2/360

House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346
almabarrah www.almabarrah.net E.mail : almabarrh@hotmail.com

Poster 18

Muhammad “Bāqir” رضي الله عنه

Siya ang Imam at isang pinuno, Abu Jaʾfar Muhammad Bin Ąli Bin Husain Bin Ąli Bin Abu Ṭālib, taga-Madinah, ang ama niya ay si Zaynul Abidīn. Ipinanganak taon 56H.

Tinawag siya sa bansag na “Bāqir” dahil sa pagtuon niya sa pagsasaliksik ng kaalaman (nalalaman niya ang pinagmumulan nito at pinagtataguan).

Kabilang sa mga guro niya at pinakamatanda sa kaniyang mga guro ay ilang mga Sahaba, tulad nina Jābir Bin Abdullah Al-Anṣāriy, Anas Bin Mālik, Abu Saīd Alkhudriy, Abdullah Bin Ụmar, at Abdullah Bin Ąbbās – kalugdan nawa silang lahat ng Alláḥ ﷻ. Ito ay magbibigay sa atin ng isang malinaw na halimbawa sa pagkakaugnay sa kaalaman at ang ugnayan sa pagitan ng mga Sahaba at Aḥlul Bayt.

Bagkus, tunay na mayroon siyang 244 na ulat sa mga pangunahing aklat ng Sunnah (Hadīth), bukod pa sa mga aklat ng Tafsir at iba pa.

Tulad ng nabanggit, si Bāqir ay naging kasapi ng pamilya ni Abu Bakr Ṣiddīq sa pamamagitan ng pag-asawa niya sa apo niyang si Ummu Farwaḥ Bint Qāsim Bin Muhammad Bin Abu Bakr Ṣiddīq, at nagkaroon sila ng anak na si Jaʾfar “Ṣādiq”, bilang pagsunod sa yapak ng kaniyang lolo na si Propeta nang magpangasawa kay Ą’ishaḥ, at sa yapak ng kaniyang tiyuhin na si Hasan Bin Ąli nang magpangasawa kay Hafṣaḥ Bint Abdurrahman Bin Abu Bakr Ṣiddīq, gayundin sa yapak ng kaniyang pamangkin na si Is-hāq Bin Abdullah Bin Ąli Bin Husain nang mag-asawa sa angkan ni Abu Bakr. Napakagandang tanda ng pagmamahalan at pagmamalasakit, pagkakapatiran at pagsasakatuparan sa kasunduan.

At bilang pangwakas, banggitin natin ang ulat ni Irbiliy mula kay Bāqir nang tinanong siya hinggil sa pagdisenyo ng espada. At ang sagot niya: “Walang problema, dahil si Abu Bakr Ṣiddīq mismo ay naglalagay ng disenyo sa kaniyang espada.” At biglang tanong ulit sa kaniya: “Sinasabi mong “Ṣiddīq”? “Oo, Ṣiddīq, Ṣiddīq, Ṣiddīq.” ang tugon ni Bāqir. “Ang sinuman hindi tumawag ng “Ṣiddīq” sa kaniya ay hindi nawa paniniwalaan ng Alláḥ ﷻ sa kaniya ang kaniyang salita dito sa mundo at sa kabilang-buhay.” dagdag pa niya. (Kashful Ghummah 2/360)

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Mayroon siyang mahigit sa
565
na ulat sa mga aklat ng Hadith[16]

IMAM JAAFAR SADIQ

"WaLLAHi, tayo ay alipin lamang ng siyang lumikha sa atin at pumili sa atin, wala tayong kakayahan sa anumang kapahamakan o sa anumang kabutihan, kung kaaawaan Niya tayo, ito ay dahil sa taglay niyang awa, at kung parurusahan man tayo, ito ay dahil sa ating mga sala. WaLLAHi, wala tayong "Hujjah" (maidadahilan) sa harap ng Allah تعالى at wala tayong mapanghahawakan na kaligtasan mula sa parusa ng Allah تعالى ."

Tasdidul Usul ni Qummiy (3/73); Biharul Anwar ni Majlisiy (25/289)

Ang Ilan sa Kaniyang mga Sinabi

* "Saksi kayo na ako ay ipinanganak ng Propeta ﷺ , gayunman wala akong mapanghahawakan na kaligtasan mula sa Allah. Ngunit kung susundin ko ang Propeta ﷺ ay kaaawaan Niya ako, at kung susuwayin ko ang Propeta ﷺ ay parurusahan Niya ako."[6]
* "WaLLAHi, hindi ko alam ang lahat ng tinatanong nila ngunit ang iba ay mas maalam kaysa sa akin."[7]
* "Hindi magiging ganap ang isang kabutihan kung wala ang tatlo; pagpaaga, pagpaliit at paglihim."[8]
* Walang baon ang mas iinam pa sa takot sa Allah ("Taqwa"), walang ugali na mas iinam sa pagiging tahimik, walang kalaban na mas higit na makapipinsala sa pagiging mangmang, at walang sakit na mas titindi sa pagiging sinungaling."[9]

Ang mga Aisha sa angkan ni Jaafar Sadiq

*Aisha Bint Jaafar Sadiq[10]
*Aisha Bint Musa "Kadhim" Bin Jaafar Sadiq[11]
*Aisha Bint Ali "Rida" Bin Musa "Kadhim"[12]
*Aisha Bint Jaafar Bin Musa "Kadhim"[13]
*Aisha Bint Ali "Hadi" Bin Muhammad "Jawad"[14]

Ang Mga Guro Niya sa Hadith[15]



Ang pagmamahal niya sa mga Sahaba

* Sinabi niya: "Labindalawang libo ang bilang ng mga Sahaba, walong libo ang mga taga-Madinah, dalawang libo ang mga taga-Makkah, at dalawang libo ang mga pinalaya, wala ni isa sa kanila ang isang Qadariy, o Murji', o Haruriy, o Mu'taziliy, o isang sumasamba sa sariling opinyon.."[1]
* Sinabi niya: "Hindi lamang ako umaasa sa "Shafaat" (pamamagitan) sa akin ni Ali, ako ay umaasa rin sa "Shafaat" sa akin ni Abu Bakr katulad ng kay Ali, dahil tunay na ipinanganak ako nang dalawang beses.[2]
* At sinabi niya: "Maaari bang murahin ng isang muslim ang kaniyang lolo? Si Abu Bakr ay lolo ko. Hindi ko makakamit ang "Shafaat" ni Propeta Muhammad ﷺ sa Araw ng Paghuhukom kung hindi ko ipagtatanggol sina Abu Bakr at Umar sa mga kumakalaban sa kanila."[3]
* Nang tinanong siya tungkol kay Abu Bakr at Umar, sinabi niya: "Tinatanong mo ako tungkol sa dalawang lalaki na tinatamasa na ngayon ang bunga ng Paraiso.[4]
* Sinabi niya: "Pababayaan ng Allah ang sinumang mag-aabandona kina Abu Bakr at Umar.[5]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian mangyaring i-scan lamang ang code na ito

1- Alkhisal ni Qummiy, p. 639; Biharul Anwar ni Majlisiy 22/305
2- Fada-ilus Sahaba ni Daraqutniy p.57; Sharhu Usulissunah ni Lalakaiy 7/1380
3- Fada-ilus Sahaba ni Ahmad 1/173; Fada-ilus Sahaba ni Daraqutniy p.56
4- Fada-ilus Sahaba ni Daraqutniy p.96; Siyaru A'lamin Nubala ni Dhahabiy 6/259
5- Assunnah ni Abdullah Bin Ahmad 2/557; Fada-ilus Sahaba ni Daraqutniy p.87
6- Rijalul Kisshiy p. 147; Biharul Anwar ni Majlisiy 25/290
7- Tarikh Ibn Abi Khaythama 2/916; Sharhu Usuli I'tiqad ni Lalakaiy 8/1485
8- Hilyatul Awliya ni Abu Nuaym 3/198; Shuabul Iman ni Bayhaqiy 13/228
9- Hilyatul Awliya ni Abu Nuaym 3/196; Tarikhul Islam ni Dhahabiy 3/828
10-Nurul Absar ni Shablanjiy p.287 (Kabilang sa mga Anak ni Jaafar Sadiq: Aisha); Annisa' ni Kahhala 3/132
11-Kashful Ghummah 3/29 (Kabilang sa mga Anak ni Musa "Kadhim" : Umar, Hamza, at Aisha)
12-Kashful Ghummah 3/60 (Kabilang sa mga Anak ni Ali Bin Musa : Aisha)
13- Almujdi p.301 (Kabilang sa mga Anak ni Jaafar Bin Musa: Aisha)
14-Al-Irshad p. 334 (Aisha Bint Ali "Hadi")
15- Attarikhul Kabir ni Bukhariy 2/198; Aljarhu wat Ta'dil ni Ibn Abu Hatim 2/487; Attahdhibul Kamal ni Mizziy 5/75 at 10/96; Siyaru A'lamin Nubala ni Dhahabiy 6/255; Tahdhibut Tahdhib ni Ibn Hajar 2/103.
16-Ang mga ulat sa mga aklat pang-Hadith ay ang mga sumusunod: Sahih ni Muslim p.23, Almuwatta' (10); Musnad ni Ahmad (36); Sunan ni Abu Dawud (13); Sunan ni Nasaiy (44); Sunan ni Tirmidhiy (20); Sunan ni Ibn Majah (19); Sunan ni Darimiy (7); Assunanul Kubra ni Nasaiy (58); Sahih ni Ibn Khuzayma (35); Sahih ni Ibn Hibban(20); Mustadrak ni Hakim (45); Assunanul Kubrah ni Bayhaqiy (179); Almu'jamul Kabir ni Tabaraniy (56).

almabarrah www.almabarrah.net E.mail : almabarrh@hotmail.com House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Poster 19

Imam Jaʾfar “Ṣādiq”

Abu Abdullah Jaʾfar “Ṣādiq” Bin Muhammad “Bāqir” Bin Ąli “Zaynul Abidīn” Bin Husain Bin Ąli Bin Abu Ṭālib – kalugdan nawa silang lahat ng Alláḥ ﷻ – isa sa mga malalaking Imam, isa sa mga nangunguna sa Aḥlul Bayt. Tinatawag ding “Sadiq” dahil sa katapatan niya sa kaniyang pananalita. At ang mga kahigtan nito ay mas tanyag kaysa banggitin pa.

Ipinanganak siya noong 80H, may nagsabing ipinanganak siya sa Martes ng ika-8 ng buwan ng Ramadan, taon 83H.

Pumanaw siya sa buwan ng Shawwāl, taon 148H sa Madinah at inilibing sa Baqīʾ sa tabi ng kaniyang ama na si Muhammad “Bāqir”, at lolo niyang si Ąli “Zaynul Abidīn”, at tiyuhin ng kaniyang lolo na si Hasan Bin Ąli– kalugdan nawa silang lahat ng Alláḥ ﷻ –.

Nailatag natin sa poster ang ugnayan ni Ṣādiq kay Abu Bakr – lolo niya sa kaniyang ina na si Ummu Farwaḥ Bint Qāsim Bin Muhammad Bin Abu Bakr – kalugdan nawa silang lahat ng Alláḥ ﷻ –.

At dito rin nakita natin ang ugnayan niya sa pagsasaliksik ng kaalaman sa mga malalaking Ulama ng kaniyang panahon – ang mga Tabi-un kung saan kinuha niya ang kaniyang kaalaman at ulat sa kanila na nagpapatunay lamang sa kahigtan ng kaalaman sa pagsasaliksik nito at sa pag-uulat ng mga Hadith nito mula kay Propeta ﷺ. At ang taas ng antas nito ay nag-uudyok sa pagiging ganap ng kahigtan ng pagsasaliksik ng kaalaman at pag-uulat nito. At may idinagdag pa ako sa poster na pagpuri niya sa mga Sahaba, ang mga salita niyang naiwan lalo na tungkol kina Abu Bakr at Ụmar. At gayundin ang mga dunong na napapaloob sa mga sinabi niya, lalo na sa Tawhid at kaisahan ng Alláḥ sa pamamagitan ng pagpapakupkop sa Kaniya at pananalangin sa Kaniya.

Gayundin makikita mo na mayroon siyang pag-uulat sa Hadith na 565 mahigit sa iba’t ibang mga aklat pang-Hadith na nagpapatunay sa pagpapahalaga niya sa pag-uulat ng mga Hadith at pamamahagi ng mga ito – kalugdan nawa siya ng Alláḥ ﷻ –.

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Saligang Pangkawanggawa na Laan Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Ang Mga Sampung Binalitaan na Makakapasok sa Paraiso



Mga Sanggunian

1-Abu Bakr
-Attabaqatul Kubra 3/90
-Alisti-ab p. 779
2-Umar Bin Khattab
-Attabaqatul Kubra 3/141
3-Uthman Bin Affan
-Al-Isaba p. 890
4-Ali Bin Abu Talib
-Al-Irshad 1/5
5-Abu Ubaya Aljarrah
-Alisti-ab p. 828
-Alkuna wal Alqab ni Abbas Alqummiy 1/120

Ugnayang mag-ama

Ang ikasampung lolo ni Mudar

Isa sa mga sampung binalitaan ng Paraiso

Mga ninuno at mga ama ng Propeta ﷺ

6-Talha Bin Ubaydullah
-Alisti-ab p. 359
-Usdul Ghaba 3/80
-Mustadrakatu Ilmir Rijal ni Shahrudiy 4/298
7-Zubair Bin Awwam
-Al-Isaba p. 425
8-Sa'ad Bin Abu Waqqas
-Attabaqatul Kubra 3/73
9-Abdurrahman Bin Awf
-Usdul Ghaba 3/144
-Mustadrakatu Ilmir Rijal ni Shahrudiy 4/24
10- Sa-id Bin Zayd
-Attabaqatul Kubra 3/ 203
-Mustadrakatu Ilmir Rijal ni Shahrudiy 4/63

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian, mangyaring i-scan lamang ang code na ito:

Ang mga linaheng ito ay matatagpuan sa lahat ng mga aklat pangkasaysayan at aklat ng mga talambuhay.

www.almabarrah.net

almabarrah House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Poster 20

Ang Mga Sampung Binalitaan na Makakapasok sa Paraiso

Naglalaman ang poster na ito ng linahe ng Propeta ﷺ, kung saan nagkakatagpo ang mga linahe ng sampu at ang linahe ng Propeta ﷺ. At hindi maikakaila ang dami ng mga ulat na Hadith sa pagbabalita sa kanila ng Paraiso; tulad ng ulat ni Tirmidhiy sa kaniyang Sunan (5/647 Hadith blg. 3747) mula kay Abdurrahman Bin Ąwf na sinabi ng Propeta ﷺ: "Si Abu Bakr ay makakapasok ng Paraiso, si Ụmar ay makakapasok ng Paraiso, si Ụthmān ay makakapasok ng Paraiso, si Ąli ay makakapasok ng Paraiso, si Ṭalha ay makakapasok ng Paraiso, si Zubair ay makakapasok ng Paraiso, si Abdurrhaman Bin Ąwf ay makakapasok ng Paraiso, si Sa'ad Bin Abu Waqqas ay makakapasok ng Paraiso, si Saīd Bin Zayd ay makakapasok ng Paraiso, at si Abu Ubayda Bin Jarrāh ay makakapasok ng Paraiso."

At maaari natin pagtuunan ng pansin ang mga sumusunod:

1. Sila ay malalapit kay Propeta ﷺ sa kaniyang panalangin tulad ng pagkakalapit nila sa kanilang mga linahe.

2. Ang sampung ito, iisa ang kanilang ama, si Ismāīl Bin Ibrahim, at ang propeta nila ay si Muhammad ﷺ.

3. Ang pagpintas sa linahe ng isa sa kanila ay magdudulot ng kapintasan din sa linahe ng Propeta ﷺ.

4. Ang dalawa sa kanila ay mula sa angkan ni Zuḥra, sila ay tiyuhin ng Propeta ﷺ at sila ay sina Sa'a at Abdurrahman.

5. Ang dalawa sa kanila ay mula sa angkan ni Taym, sila sina Abu Bakr at pinsan niyang si Ṭalha.

6. Ang dalawa sa kanila ay mula sa angkan ni Ądiyy, sila ay mga pinsan niyang sina Ụmar Saīd Bin Zayd.

7. Si Abu Bakr lamang ang tanging pumasok sa Islam ang kaniyang ama.

8. Ang apat na kalipa at ang anim na pinagkukunan ng payo ay kabilang sa sampu.

9. Ang unang pumanaw sa kanila ay si Abu Bakr at ang huling pumanaw sa kanila ay si Sa'ad Bin Abu Waqqās.

10. Sina Ụmar, Ụthmān, Ąli,Talha at Zubair ay nangamatay bilang mga martir ng digmaan.

11. Ang lahat sila ay saksi ng digmaan ng Badr at saksi sa kasunduan sa kuluguran ng Alláḥ (Bay'atur Riḍwān) maliban kay Ụthmān, nang dahil sa kaniya, nagkaroon ng kasunduan.

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng
Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at
Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Ang Mga Ina ng Mga Mananampalataya
Ang Mga Asawa ng Propeta ﷺ

IBRAHIM

MUHAMMAD



Ang mga linaheng ito ay matatagpuan sa lahat ng mga aklat pangkasaysayan at aklat ng mga talambuhay, maliban kay Juwayriyah Bint Harith; mayroong diskusyon kung siya ba ay mula sa angkan ni Qahtan o ni Qam'a Bin Ilyas Bin Muḍar na mula sa angkan ni Adnan, at karamihan ng mga mananaliksik sa linahe ay pabor sa unang nabanggit.

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian, mangyaring i-scan lamang ang code na ito:

Di-tuwirang Ugnayang mag-ama

Ugnayang mag-ama

Mga ninuno at mga ama ng Propeta ﷺ

Asawa ng Propeta ﷺ

almabarrah www.almabarrah.net E.mail : almabarrh@hotmail.com House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Poster 21

Ang Mga Ina ng Mga Mananampalataya
Ang Mga Asawa ng Propeta ﷺ

Makikita natin ang pader ng linahe ng Propeta ﷺ at ang pagtatagpo ng mga Ummul Mu'minīn sa linahe ng Propeta ﷺ. At makikita dito ang labing-isa Ummul Mu'minin na naisaayos ayon sa lapit nila sa linahe ng Propeta. At mapapansin sa kasaysayan nila ang mga sumusunod:

1. Ang paglabas ni Juwayriyah Bint Harith Almusṭaliqiyyah sa linahe ng Propeta ﷺ; dahil siya ay kabilang sa angkan ni Qahṭān (ito ang mas matimbang sa dalawang usapin sa diskusyon ng mga dalubhasa). Gayundin si Ṣafiyyaḥ Bint Huyayy dahil siya ay kabilang sa angkan ni Is-hāq Bin Ibrahim عليهما السلام.

2. Lahat sila ay pumanaw pagkatapos ng Propeta ﷺ maliban kay Khadījaḥ "ang nangunguna sa lahat ng kababaihan sa mundo", at Zaynab Bint Khuzayma.
3. Lahat sila ay inilibing sa Baqīʾ maliban kay Khadījaḥ na inilibing sa Hajūn sa Makkah, at kay Maymūnaḥ na inilibing sa Sarif.

4. Si Zaynab Bint Jahsh ang unang sumunod agad na pumanaw pagkatapos ng pagpanaw ng Propeta ﷺ, pumanaw siya noong 20H.

At gayundin, nagkakatagpo ang linahe nila sa pamamagitan ng kaniyang ina na si Umaymaḥ Bint Abdulmuṭṭālib – ang tiyahin ng Propeta ﷺ.

5. Si Ą'ishaḥ ay may 2210 na naiulat ng Hadith, kay Ummu Salamaḥ 378 na Hadith, kay Maymūnaḥ 78 na Hadith, kay Ummu Habībaḥ 65 na Hadith, kay Hafṣaḥ 60 na Hadith, kay Zaynab Bint Jahsh 11, kay Ṣafiyyaḥ 10, kay Juwayriyaḥ 7 at kay Sawdaḥ 5.

6. Si Ą'ishaḥ lamang ang birhen sa kanilang lahat nang mapangasawa ng Propeta ﷺ.

7. Si Ummu Salamaḥ ang pinakahuling pumanaw sa kanilang lahat, noong 61H, at si Maymūnaḥ ang pinakahuling napangasawa ng Propeta noong 7H.

Ito ang mga linahe ng mga Ummul Mu'minīn, ang ating mga ina, ina ng mga mananampalataya; na tunay na iisa ang taas at linis ng mga linahe nila at ng Propeta ﷺ.

Ang Aḥlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Saligang Pangkawanggawa na Laan Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

مبرة الآل والأصحاب

Hafsah Bint Muhammad "Dibaj"

Ang apo ng mga apat na kalipa, at nina Talha at Zubair

Zubair Bin Awwam رضي الله عنه
Al-Asadiy

Abu Bakr Siddiq رضي الله عنه
Attaymiy

Umar Bin Uthman رضي الله عنه
Al-Adawiy

Uthman Bin Affan رضي الله عنه
Al-Umawiy

Talha Bin Ubaydullah رضي الله عنه
Attaymiy

Ali Bin Abu Talib رضي الله عنه
Alhashimiy

Asma' Bint Abu Bakr رضي الله عنها
Attaymiyyah

Abdullah رضي الله عنه
Al-Adawiy

Ummu Is-haq Bint Talha رضي الله عنها
Attaymiyyah

Husain "Shahid" رضي الله عنه
Alhashimiy

Urwa
Al-Asadiy

Hafsah
Al-Adawiyyah

Amr
Al-Umawiy

Uthman
Al-Asadiy

Abdullah "Mutarrif"
Al-Umawiy

Fatimah Bint Husain
Alhashimiyyah

Khadijah
Al-Asadiyyah

Muhammad "Dibaj"
Al-Umawiy

Hafsah
Al-Umawiyyah

Mga Sanggunian

- Al-Maarif ni Ibn Qutayba p.200
- Almuhabbar ni Ibn Habib p.404
- Sharhu Nahajil Balagah ni Ibn Abul Hadid 15/158-266, binanggit niya rito ang linahe ni Hafsah pero sinabi niya na ang pangalan niya ay Aisha.
- Aljawharah fi Nasabin Nabi wal Asharah ni Albarriy 1/27

Nagpapakita ang ilustrasyong ito sa matibay na ugnayan sa kanilang linahe at sa relasyon nila sa pag-iisang dibdib ng dalawang pamilya; ang Ahlul Bayt at ang mga Sahaba. Kung saan, makikita na si Hafsah Bint Muhammad "Dibaj" ay apo sa tuhod nina Abu Bakr Siddiq, Umar Bin Khattab, Uthman Bin Affan, Ali Bin Abu Talib, Talha Bin Ubaydullah, at Zubair Bin Awwam رضي الله عنهم. Ito rin ay malinaw na nagpapatunay sa malalim na ugnayan at koneksyon sa pagitan ng Ahlul Bayt at ng mga Sahaba.

Ugnayang mag-ama/mag-ina | Ugnayang mag-asawa | Ang mga lolo ni Hafsah mula sa mga Sampung Binalitaan

almabarrah www.almabarrah.net E.mail : almabarrh@hotmail.com House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Poster 22

Hafṣaḥ Bint Muhammad “Dībāj”, Ang Apo ng Apat na Kalipa at Nina Ṭalha at Zubair

Pagkatapos ng tinatayang 150 na taon, nanatili ang ugnayan nang maganda sa pagitan ng mga apo ng Aḥlul Bayt at ng mga Sahaba. At ang poster na ito ay patunay sa nabanggit.

Siya si Hafṣaḥ Bint Muhammad “Dībāj” Bin Abdullah “Muṭarrif” Bin Ąmr Bin Ụthmān Bin Ąffān ﷺ.

Isang babae na ipinanganak kay Propeta Muhammad ﷺ, Abu Bakr, Ụmar, Ụthmān, Ąli, Ṭalha at Zubair ﷺ.

Ang ina niya ay si Khadijah Bint Ụthmān Bin Urwa Bin Zubair ﷺ.

Ang ina ni Urwa ay si Asma’ Bint Abu Bakr ﷺ.

Ang ina ni Muhammad “Dībāj”,- ang kaniyang ama- ay si Fāṭimaḥ Bint Husain Bin Ąli ﷺ.

Ang ina ni Fāṭimaḥ Bint Husain ay si Ummu Is-haq Bint Ṭalha Bin Ubaydullah ﷺ.

Ang ina ni Abdullah Bin Ąmr Bin Ụthmān Bin Ąffān ay si Hafṣaḥ Bint Abdullah Bin Ụmar Bin Khaṭṭāb, at sinasabing ang ina niya ay si Zaynab Bint Abdullah Bin Ụmar.

Napansin mo rin ba, mahal kong mambabasa, ang kakaibang ugnayan sa kanilang linahe?

Hindi mo ba nakikita kung paano mas nangingibabaw ang mga anak ng mga Aḥlul Bayt at ng mga Sahaba sa mga maling usapin na binabato sa kanila?

Saligang Pangkawanggawa na Laan
Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba

Ang Ahlul Bayt at Mga Sahaba ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa

Ang Mga Nagtataglay ng Dalawang Kainaman ng Pagka-Ahlul Bayt at Pagka-Sahaba

مبرة الآل والأصحاب



Mga sanggunian

1) Mga anak ni Abdulmuttalib
- Nasabu Qurasyh, pp. 17-18
- Jamharatu Ansabil Arab, pp. 14-15
- Sirrus Silsilatil Alawaiyyah, p. 3.

2) Mga anak ni Muqawwam Bin Abdulmuttalib
- Jamharatu Ansabil Arab, p. 17.

3) Mga anak ni Zubair Bin Abdulmuttalib
- Jamharatu Ansabil Arab, p. 17.

4) Mga anak ni Hamza Bin Abdulmuttalib
- Jamharatu Ansabil Arab, p. 17.

5) Mga anak ni Harith Bin Abdulmuttalib
- Nasabu Quraysh, pp. 85-86
- Sirrus Silsilatil Alawiyya, p. 3

6) Mga anak ni Abu Talib
- Nasabu Quraysh, pp. 39-40
- Al-Asiliy, p. 53
- Umdatut Talib, p. 47
- Kashful Ghummah, 1/65

7) Mga anak ni Abbas Bin Abdulmuttalib
- Jamharatu Ansabil Arab, p. 18.

8) Mga anak ni Abu Lahab
- Nasabu Qurasyh, p. 89.

9) Mga anak na lalake ng Propeta ﷺ at mga babae
Nasabu Quraysh, p. 21.
Attabaqatul Kubra, 7/250.
Tarikhu Dimashq, 2/69.
Usdul Ghabah, 7/77.
Qurbul Isnad, p. 9.
Alkhisal, 2/404.
Biharul Anwar, 22/166.
Almujdi fi Ansabit Talibiyyin, p. 187.

10) Mga anak ni Ali Bin Abu Talib
-Al-Asiliy, p.58.
-Nasabu Quraysh, pp. 40-41.
-Almujdi fi Ansabit Talibiyyin, p. 192.
--Al-Irshad, p. 186.
Kashful Ghummah, 2/67-68.
-Muntahal Amal, 1/261-262.

11) Mga asawa ng Propeta ﷺ
-Alhada-iqun Nadirah, 23/88-90.
-Kashful Ghita' , 1/56-57

* Si Juwayriyyah Bint Harith, nagkaroon ng diskusyon kung siya ba ay kabilang sa angkan ni Qahtan, o sa angkan ni Qum'a Bin Ilyas bin Mudar na angkan ni Adnan, at ang karamihan ng mga dalubhasa ay pumapanig sa unang nabanggit.

* Si Safiyyah Bint Huyayy Bin Akhtab ay kabilang sa angkan ni Is-haq.

May diskusyon sa kaniyang pagka-Sahaba
May diskusyon kung siya ba ay kabilang sa anak ni Pulano
May diskusyon kung kabilang ba siya sa Ahlul Bayt o hindi
May diskusyon sa kaniyang pagyakap sa Islam
Mga anak na lalaki ng Propeta ﷺ
Mga anak na babae ng Propeta ﷺ
Mga asawa ng Propeta ﷺ, ang mga Ummul Mu'minin
Ang mga yumakap ng Islam sa mga tiyuhin ng Propeta ﷺ
Hindi niyakap ang Islam
Mga tiyahin ng Propeta ﷺ
Isang lalaki
Isang babae
Wala siyang naiwang anak
Ugnayang mag-angkan

❖ Ang mga linaheng ito ay matatagpuan sa lahat ng mga aklat ng kasaysayan at talambuhay. At ang mga diskusyon ay ipinaliwanag namin sa pamamagitan ng mga tanda at susi na nasa ilustrasyon.

Ang mga kapita-pitagang pangalan na ito ay pili lamang mula sa Ahlul Bayt na namuhay sa panahon ng Propeta ﷺ at naniwala sa kaniya; kaya naipon nila ang kainaman ng pagka-Ahlul Bayt at pagka-Sahaba.

almabarrah
www.almabarrah.net
House #1, Village 07, Bilál Bin Rabáh St., Al-Faiha, Kuwait
Tel. no. : 22560203 Fax no. : 22560346

Poster 23

Ang Mga Nagtataglay ng Dalawang Kainaman ng Pagka-Aḥlul Bayt at Pagka-Sahaba

Mahal naming mambabasa, narito ang higit sa isang daan na pangalan na nagtataglay ng dalawang kainaman; ang pagka-Aḥlul Bayt at ang pagka-Sahaba.

Sila ang mga maiinam na mayroong dalawang kainaman ng pagka-Aḥlul Bayt at pagka-Sahaba, at ang pagsunod sa Propeta ﷺ noong siya ay nabubuhay pa.

At hindi lingid sa iyong kaalaman, kapatid na mambabasa na ang pagka-Aḥlul Bayt ay isang kainaman at karangalan. Sila yaong mga nagtatagpo ang kanilang linahe sa lolo nilang si Hashim. At sila yaong hindi maaaring tumanggap ng Ṣadaqaḥ. At maidadagdag sa kanila ang mga asawa ng Propeta ﷺ, ang mga Ummul Mu'minīn رضي الله عنهن .

At inaasahan natin na kabilang sa pagmamahal natin sa kanila ay ang pagbanggit natin sa mga pangalan nila, pananalangin para sa kanila na kalugdan sila ng Alláḥ ﷻ, at pagkilala sa kanilang kainaman at karangalan.

At gayundin, maituturing na isang Sahaba kapag namuhay siya sa panahon ng Propeta ﷺ at nanampalataya sa kaniya at namatay sa naturang kalagayan.

At dito sa poster na ito, nilagyan namin ng kani-kanilang mga palatandaan ang bawat isa, ang mga anak na babae ng Propeta ﷺ, mga asawa, tiyuhin at mga anak na lalake. Gayundin, binigyan namin ng palatandaan ang mga kalalakihan sa kababaihan, at ang mga may diskusyon sa kanilang estado.

Nawa ay ipagkalooban tayo ng Alláḥ ﷻ ng mainam na pagtulad at pagsunod sa mga yapak nila at ipunin Niya nawa tayong lahat kasama sila sa Kaniyang paraiso, sa Firdaws ang pinakarurok ng Paraiso. Amīn.


Ang Ahlul Bayt at Mga Sahába ng Propeta Sa Kanilang Pagmamahalan at Pagkakaugnay sa Bawat Isa
Europa
Ang Pagpapalawak ng Imperyong Islam Hanggang sa Huling Panahon ng Apat na Kalipa
Saligang Pangkawanggawa na Laan Para sa Mga Ahlul Bayt at Mga Sahaba
مبرة الآل والأصحاب
Roma
Constantinopla
Cerdeña
Armenia
Asarbayan (Azerbaijan)
Dagat Caspian
Tamisa
Transoxiana
Ammuriyyah (Amorio)
Hergla
Utba Bin Farqad
Walid Bin Uqba
Sa-id Bin As
Gorgan
Sicilia
Kartago
Mesopotamia Superyor
Ilog Tigris
Ilog Euphrates
Tabaristan
30H
Kairouan
Shaytla (Sufetula)
Creta
Qumis
Kabul
Khurasan
Tsipre (Cyprus)
Damasco (Damascus)
Sa'ad Bin Abu Waqqas
Muthanna Bin Haritha
Hudhayfa Bin Yaman
Nu'man Bin Muqarrin
Abu Musa Al-Ash-ariy
Abu Ubaid Althaqafiy
Mu'awiya Bin Abu Sufyan
Abdullah Bin Abu Sarh
Dagat Mediteraneo
Lupain ng Levant
Asya
Abdullah Bin Abu Sarh
Uqba Bin Nafi' Alfihriy
26H
Tripoli
Cyrenaica
Herusalem
Hariura
Kufa
Sijistan
Persia
Abdullah Bin A-mir Bin Kurayz
Abdurrahman Bin Samura
Abdullah Bin Khazim Assulamiy
Sahl Bin Adiyy Alkhazrajiy
Alexandria
Abu Ubayda Bin Jarrah
Khalid Bin Walid
Shurahbil Bin Hasana
Yazid Bin Abu Sufyan
Amr Bin As
Basra
Kirman
Multan
Abdullah Bin Uqba Bin Nafi' Alfihriy
Amr Bin As
Fustat
Nagpadala si Ali Bin Abu Talib ng hukbo sa pamumuno ni Harith Bin Murra Al-Abdiy upang lusubin ang Sind
Look ng Bahrain (Golpo Persiko)
Lupain ng Sind
Ehipto
Madinah
Aprika
India
Nubia
Aydhab
Makkah
Umman (Oman)
Abdullah Bin Abu Sarh
Uqba Bin Nafi' Alfihriy
Dagat Pula
Tangway ng Arabia
Teritoryo ng Sudan
Ilog Nilo
Yemen
Sana'a
Dagat Arabia
Saylac
Pinagbalik-loob ni Abu Bakr Siddiq ang tangway ng Arabia (Arabian Peninsula) pagkatapos nilang lumabas sa relihiyong Islam.
Ang pananakop sa panahon ni Kalipa Abu Bakr رضي الله عنه
Ang pananakop sa panahon ni Kalipa Umar رضي الله عنه
Ang pananakop sa panahon ni Kalipa Uthman رضي الله عنه
Ang labanan na ito ay naganap sa panahon ni Kalipa Ali Bin Abu Talib رضي الله عنه
Ang mga pinuno sa pananakop
Nilahukan ito nina Hasan at Husam, Abdullah Bin Umar, Abdullah Bin Abbas, Abdullah Bin Zubair, Abdullah Bin Amr Bin As
Ang mga pananakop na ito ay nabanggit sa mga aklat ng kasaysayan, kabilang sa mga ito ang mga sumusunod:
-Tarikhut Tabariy ni Imam Muhammad Bin Jarir Attabariy
-Tarikhul Islam ni Imam Addhahabiy
-Albidaya wan Nihaya ni Imam Ibn Kathir
-Alkamil fit Tarikh ni Ibn Athir
-Almuntadzam ni Ibn Jawziy
-Murujud Dhahab ni Almas-udiy
-Tarikh ni Ya'qubiy
Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga aklat-sanggunian, mangyaring i-scan lamang ang code na ito:
House #1, Village 07, Bilal Bin Rabah St., Al-Faiha, Kuwait
Tel. no. : 22560203
Fax no. : 22560346
almabarrah
www.almabarrah.net

Poster 24

Ang Pagpapalawak ng Imperyong Islam Hanggang sa Huling Panahon ng Apat Kalipa

Ipinapakita ng mapang ito ang lawak na nasakop ng apat na mararangal na kalipa (Mga Kalipang Ortodokso[15]) at pagbilis na paglawak ng Imperyong Islam sa loob lamang ng tatlumpong (30) taon. Bagkus, ang mga mamamayan ng mga lupain na nasakop nila ay niyakap din ang Islam at ang lingwahe nito. At hindi lamang iyan, nakiisa pa sila sa pagpapalaganap at pagpapalawak nito. Kaya hindi lamang ang mga lupain at lugar ang kanilang binuksan, bagkus nabuksan na muna nila ang kanilang mga puso't kalooban bago ang kanilang lugar na kinaroroonan.

At maaari mong isalarawan ang mga kagamitan nila sa digmaan at sasakyan sa kanilang kapanahunan, at isabay mo ang mga ito sa lugar na kanilang nabuksan at nasakop upang malaman mo ang Ikhlas (sensiridad) at tapang na tinataglay ng mga Aḥlul Bayt at ng mga Sahaba, at ang tulong sa kanila ng Alláḥ ﷻ, patunay sa Kaniyang salita:

﴿إِن تَنصُرُواْ ٱللَّهَ يَنصُرۡكُمۡ وَيُثَبِّتۡ أَقۡدَامَكُمۡ ٧﴾

"Kung tutulungan ninyo ang Alláḥ ﷻ, tutulungan Niya kayo at ipatatatag ang inyong katayuan."

Gayundin, ipinapakita rin ng mapa ang napakalaking bilang ng mga pinuno ng pananakop na mula sa mga Sahaba na tinahak ang silangan ng mundo at kanluran nito, maipalaganap lamang ang relihiyon at upang ipaglaban at itaas ang batas ng Panginoon ng sanlibutan.

Tingnan mo halimbawa sa mga Aḥlul Bayt, makikita mo ang pagkalat nila sa kanilang mga nasasakupan:

Sinabi ni Ibn Abdulbarr Al-Andalusiy: *"Sinasabing wala nang makikita na libingan na napakalayo ng libingan ng bawat isa maliban sa mga libingan ng angkan ni Ąbbās Bin Abdulmuṭṭālib, kung saan ipinanganak sila ng kanilang ina na si Ummu Faḍl sa iisang tahanan. Namatay si Faḍl nang martir sa Ajnadayn[16], pumanaw si Ma'bad at Abdurrahman sa Aprika, si Abdullah sa Ṭaif, si Ubaydullah sa Yemen, si Qutham sa Samarqand, at si Kathīr sa Yanbū' sa pamamagitan pagkatay sa kaniya."* [Isti-ab; bolumen:1, pahina: 59]

At gayundin, makikita sa mapa ang paglahok nina Hasan at Husain, , Abdullah Bin Ụmar, Abdullah Bin Ąbbās, Abdullah Bin Zubair, Abdullah Bin Ąmr Bin Aṣ ﷺ sa pananakop sa Gorgan at Ṭamisa taon 30H sa Silangan, at sa pananakop sa Aprika at Sbaytla (Sufetula) taon 26H sa Kanluran.

[15] : may wastong kaalaman, lalo na sa doktrinang panrelihiyon o panteolohiya.
[16] Kasalukuyan ay malapit sa Ramla sa gitnang Israel at Palestine.

Naisalin ang aklat sa mga sumusunod na dila at wika

Wikang Persia



Wikang Ingles



Wikang Bosniyo



Wikang Indones



Wikang Tajik



Wikang Thai



Wikang Malayalam



Wikang Bengali



Naisalin ang aklat sa mga sumusunod na dila at wika

Wikang Urdu



Wikang Albanes



Wikang Pranses



Wikang Tsino



Wikang Kirgis



Wikang Aseri



Wikang Swahili



Wikang Turko







Ang aklat na naghahayag ng

24 na paskil

600 na katibayan na isinalarawan

80 na aklat-sanggunian

almabarrah www.almabarrah.net E.mail : almabarrh@hotmail.com